ANG HIWAGA NG KABILANG DAIGDIG

Ika-26 ng Hunyo, 1992
Magkakaanib na Bansa

Maligay ang pagdating sa Magkakaanib na Bansa. At mangyari po lamang na saglit kayong magdasal nang sama-sama sa sarili ninyong paniniwala na tayo ay nagpapasalamat para sa kung ano man ang nasa natin, kung ano man ang ipinagkaloob sa atin, at hinahangad natin, inaasahan natin na ang mga taong hindi nagkaroonng sapat ay pagkakaloob and in nang gaya ng pagkakaloob sa atin; ang mga takas sa buong daigdig, ang mga biktima ng digmaan, ang mga sundalo, ang mga pinuno ng pamahalaan, at mangyari pa, ang mga pinuno ng Magkakaanib na Bansa, nawa ay matupad ang kanilang hinahangad at mamuhay nang sama-sama sa kapayapaan. Paniwalaan natin na ang ating hinihiling ay ipagkakaloob sapagkat gayon ang sinasabi sa Bibliya.

Salamat! Napakatagal nang panahon mula nang huli akong mapunta rito. Mayroon na ba sa inyong nakapunta rito noon, ang ibig kong sabihin, sa aking panyam noon? Kailan? O, talaga? Maraming-marami? Salamat. Alam ninyo, ang paksa ng ating panayam ngayong araw na ito ay "Sa Kabila Ng Daigdig Na Ito", sapagkat sa palagay ko ay hindi ko na gustong mangusap pa sa inyo nang tungkol sa daigdig na ito. Alam ninyong lahat iyan. Oo? Alam ninyo, sa daigdig na ito, mayroon tayong Magkakaanib na Bansa, mayroon tayong America, New York (ang mansanas), subalit sa kabila ng daigdig na ito, mayroon pa tayong iba. Sa palagay ko, lahat kayong naparito ay magiging interesado ng malaman kung ano ito. Ito ay hindi bagay na katulad ng kasasabi-sabi lamang ni Stephen tungkol sa mga himala o sa anumang bagay na kakatuwa na hindi

ninyo mapaniniwalaan. Ito ay isang bagay na lubhang makaagham, lubhang naaayon sa katwiran at napakahalaga.

Narinig na nating lahat na sa iba't ibang uri ng mga bibliya o kasulatang pangrelihiyon ay binabanggit na mayroong pitong langit, na may iba't ibang antas ng kamatayan. May Kaharian ng Diyos sa kalooban, may kalikasang Buddha, atbp. Ang mga ito ay ilan sa mga bagay na ipinangako sa kabila ng daigdig na ito. Subalit hindi maraming tao ang may kakayahang makalapit sa ipinangako sa mga kasulatang ito, hindi marami. Hindi ko sinasabing wala, kundi hindi marami. Kung ihahambing sa populasyon ng daigdig, ang mga taong may kakayahang makalapit sa Kaharian ng Diyos sa kalooban o sa tinatawag nating, "anuman ang nasa kabila ng daigdig na ito", ay napaka-kaunti. At kung kayo ay nasa America, marahil ay marami kayong pagkakataong makabasa ng maraming aklat na naglalarawan sa mga bagay na nasa kabila ng ating daigdig. At ilan sa mga pelikulang ginawa ng mga mamamayang Amerikano ay hindi bungang-isip lamang sa kalahatan. Gayundin, may mga pelikulang ginawa ng mga Japanese na hindi rin pawang mga kathang-isip. Sapagkat ang mga taong ito ay maaaring nakabasa ng ilang mga aklat na sinulat ng mga taong nakagaling na sa kabila ng daigdig na ito o maaaring sila mismo ay nakasulyap na sa Kaharian ng Diyos.

Kaya, sa Kaharian ng Diyos... ano ang nasa Kaharian ng Diyos? Bakit pa tayo mag-aabala tungkol sa Kaharian ng Diyos kung mayroon na tayong sapat na gawain sa daigdig at mayroon tayong hanapbuhay, at mayroon tayong sapat na kaugnayang mapagmahal, atbp.? Tumpak, sapagkat mayroon na tayo ng lahat ng ito, dapat tayong magkaroon ng kinalaman tungkol sa Kaharian ng Diyos. Tila ba napaka-banal kapag binabanggit natin ang Kaharian ng Diyos. Sa katotohanan, halos antas lamang ito ng mas

mataas na kamalayan. Ang mga tao noong mga sinaunang panahon, sinasabi nila ito ay langit, subalit sa mga katawagang makaagham, masasabi natin na ito ay iba... isang mas mataas na antas ng kaalaman, isang mas mataas na antas ng karunungan. At maaari tayong magkaroon ng kakayahang makalapit dito, kung malalaman lamang natin kung paano.

Kaya, sa nakalipas... kamakailan lamang sa America, nabalitaan nating lahat ang tungkol sa pinakabagong likha... na ang mga tao ay mayroon pang makina na maglalagay sa kanila sa samadhi. Naranasan na ba ninyo ito? Hindi pa? Hindi? Ipinagbibili iyon sa America. Apat-na-raan hanggang pitong-daan, depende kung anong antas ang nais ninyo. Tinatawag nilang... ito ay para sa mga tamad na taong ayaw magnilay, na ang gusto ay malagay agad sa samadhi. Ngayon, kung sakaling hindi ninyo alam, iiklian ko lamang ang sasabihin ko tungkol diyan.

Sinasabi nila na ang uring ito ng makina ay may kakayahang mailagay kayo sa isang mahinahong kalagayang pangkaisipan... kalagayang nakapagpapahinahon, pagkatapos, matatamo ninyo ang mataas na antas ng I.Q.. Iyon ay inaasahang magbibigay sa inyo ng mataas na kaalaman, mataas na karunungan at pagkatapos, madarama ninyong kayo ay kahanga-hanga, atbp. At ang makinang ito ay gumagamit ng ilang piling musika, panlabas na musika, kaya mangangailangan kayo ng earphone, at pagkatapos, lalagyan nila ng kuryente, marahil ay kuryenteng magbibigay-sigla sa inyo, at marahil ay makakakita kayo ng ilang kislap. Kaya kailangan din ninyo ng piring. Ang mga earphone at ang piring, iyon lamang ang kailangan ninyo para sa samadhi. Napakagaling nito, at sa halagang apat-na-raang dolyar, napakamura. Subalit ang aming samadhi ay mas mura, hindi ito nagkakahalaga ng magkano man, at ito ay panghabang-panahon, panghabang-panahon. At hindi ninyo kailangang kargahan ito ng batirya o kuryente, isaksak at bunutin ang plug, o kung sakaling masira ang makina, hindi ninyo ito kailangang ayusin.

Ngayon, kahima' t nagagawang maging napakamahinahon at napakatalino ng artipisyal na liwanag at ng artipisyal na musika ang mga tao – inaasahan namang ito ang maibibigay nito sa kanila. Subalitt ang dapat magawa nito ay nabasa ko lamang sa isang pahayagan, hindi ko pa ito nasusubukan. Kaya, iyan ang dahilan kung bakit mabiling-mabili ito at marami nang nabenta, balita ko. Maging ang mga artipisyal na bagay na ito ay makapagpapataas ng ating I.Q., kaya mahihinuha ba ninyo kung gaano tayo matutulungan ng tunay na bagay sa ating karunungan? Ang tunay na bagay ay nasa kabila ng daigdig na ito subalit ito ay maaaring malapitan ng bawat tao, kung nanaisin lamang nating maabot ito. Ito ay ang makalangit na musika sa kalooban at ang makalangit na tunog sa kalooban. At batay sa tindig ng musikang ito... ng liwanag sa kalooban ong musika sa kalooban, maitutulak natin ang ating sarili sa kabila ng daigdig na ito, makakapasok tayo sa isang mas malalim na antas ng pag-unawa.

Sa palagay ko, katulad lamang ito ng batas ng physics. Gusto ninyong magpailanlang ng kuwitis sa... nang lampas sa grabidad, kailangan ninyong magkaroon ng maraming lakas na pantulak sa hulihan ng kuwitis, at gayon din, kapag lumipad ito nang napakabilis, pinagmumulan din ito ng liwanag. Kaya sa palagay ko, kapag mabilis tayong pumasok sa kabila ng daigdig na ito, tayo rin ay... paano sasabihin ito? Oh, napakadalas kong magsalita ng Chinese. Tayo man... ay makapagbibigay, tama, din ng liwanag, at maririnig din natin ang tunog. Ang tunog ay isang uri ng lakas ng taginting na nagtutulak sa atin sa mas mataas na antas, subalit ito ay nagagawa nito nang walang anumang ingay, nang walang gaanong

abala at walang gugol at walang hirap para sa mga bihasa na. Ganyan ang paraan ng pagpasok sa kabila ng daigdig na ito.

At anp ang nasa kabila ng daigdig na ito na mas mabuti kaysa sa ating daigdig. Lahat ng bagay na maaari nating mailarawan sa isip at hindi maaaring mailarawan sa isip. Kapag naranasan na natin ito, at saka pa lamang natin malalaman. Walang sinuman ang talagang makapagsasabi sa atin nito. Subalit kailangan natin itong pagtiyagaan, at kinakailangan nating maging tunay na tapat, sapagkat kung hindi, walang sino pa mang makagagawa nito para sa atin. Katulad lamang iyan ng walang sino pa mang makapapalit sa inyo upang magtrabaho sa tanggapan ng Magkakaanib na Bansa at kayo ang susuwelduhan. Katulad lamang iyan ng walang sino pa mang maaaring kumain para sa atin at pagkatapos ay tayo ang mabubusog. Samakatuwid, ang paraan ay ang maranasan. Maaari tayong makinig sa sinumang may karanasan upang sabihin sa atin, subalit hindi tayo gaanong makakakuha ng karanasan sa gayong paraan. Maaaring magkaroon ng mga karanasan minsan, mga dalawang beses o mga ilang araw dahil sa kapangyarihan ng taong iyon na nakaranas na ng Diyos. At maaari tayong makakita ng ilang liwanag o makarinig ng ilang tunog, natural na natural nang walang hirap, subalit kadalasan, hindi ito nagtatagal nang napakatagal. Kaya, kailangang tayo mismo ang makaranas nito at tayo mismo ang gumawa nito sa ating sarili.

Sa kabila ng ating daigdig ay may maraming iba' t ibang daigdig. Makapaghahayag tayo ng isang halimbawa, tulad ng isang bahagyang nakatataas kaysa sa atin. At tinatawag nating astral world sa katawagang Kanluranin. Sa astral world, mayroon silang isandaan at higit pang iba' t ibang mga antas. At bawat antas ay isang daigdig sa sarili nito. At kinakatawan nito ang antas ng ating pangunawa. Para lamang itong pumapasok tayo sa pamantasan. At bawat baitang na tinatapos natin sa pamantasan ay higit na kumakatawan sa ating pangunawa, tungkol sa aral ng pamantasan, at pagkatapos, dahan-dahan tayong umuusad tungo sa pagtatapos. Sa astral world, makakakita tayo ng maraming uri ng mga tinatawag na himala at marahil ay maaakit din tayo ng mga himala, at marahil ay magkakaroon din tayo ng mga himala. Makapagpapagaling tayo ng maysakit, maaari tayong, paano sasabihin ito, kung minsan, makakakita tayo ng ilang bagay na hindi nakikita ng ibang tao. Mayroon tayong kahit anim na uri man lamang ng mapaghimalang kapangyarihan. Makakakita tayo nang lampas sa hangganan ng alangaang. Ang layo ay di makagagawa ng kaibhan sa atin. Iyan ang tinatawag nating makalangit na tainga at makalangit na mata. At pagkatapos, malalaman natin ang iniisip ng tao, at kung ano ang nasa kanyang isip, kung minsan, makikita natin ito, atbp. Ito ang mga kapangyarihang na-kakamtan natin kung minsan kapag nakalapit na tayo sa unang antas ng Kaharian ng Diyos.

At sa loob ng unang antas na ito, nasabi ko nang mayroon tayong maraming iba' t iba pang mga antas na naghahandog sa atin ng higit kaysa sa mailalarawan ng salita. At pag nakarating na tayo roon, tayo ay... kung tayo..., halimbawa, pagkatapos ng pagmumulat, magninilay tayo at kung ang ating antas ay nasa una, marami pa tayong mga kakayahan kung gayon. Pagkatapos, mapauunlad pa natin ang ating talino sa panitikan na dati-rati ay hindi natin tinataglay. At gayundin, malalaman natin ang maraming bagay na hindi alam ng ibang tao at maraming bagay ang darating sa atin na parang mga biyaya mula sa langit, kung minsan ay biyayang ukol sa pananalapi, kung minsan, paano sasabihin ito, sa pamamaraan sa tungkulin at kung minsan ay sa maraming iba pang bagay. At nagsisimula tayong makasulat ng mga tula o marahil ay makaguhit ng mga larawan, at makagawa ng mga bagay na hindi natin dati-

rating nagagawa at hindi natin akalaing magagawa natin. Iyon ang unang antas. At makakasulat ng mga aklat nang may magandang estilo. Maaaring dati ay hindi tayo dalubhasang manunulat, subalit ngayon ay nakakasulat na tayo, halimbawa. Ang mga ito ang mismong mga kapakinabangang materyal na makukuha natin kung tayo ay nasa unang antas ng kamalayan. Sa katotohanan, ang mga ito ay hindi mga biyaya ng Diyos. Ang mga ito ay nasa langit na nasa ating kalooban at dahil lamang sa na-pukaw natin ang mga ito kaya ito nabuhay. At pagkatapos, mapakikinabangan natin ang mga ito. Kaya, ito ay ilan sa mga kabatiran tungkol sa unang antas. Tama na ba? Gusto pa ninyong makarinig ng marami? Oo. Sige. Narinig na ba ninyo ito noon? Narinig na ninyo! Talaga! Sino ang nagsabi sa inyo? Oh talaga, may sinabi pa ba siyang iba? Sige.

Ngayon, pagdako natin sa mas mataas na antas, halimbawa, makakakita tayo ng marami pang ibang bagay, ay makakagawa tayo ng marami pang bagay. Mangyari pa, hindi ko masasabi sa inyo ang lahat-lahat. Oo, dahil sa panahon, halimbawa. Isa pa, hindi kinakailangang pakinggan ang lahat ng magagandang bagay tungkol sa mga cake at candy at hindi dapat kainin ang mga ito kailanman. Kung gayon, medyo nagpapagana lamang ako. At kung gusto ninyong kainin ang mga ito, ibang bagay naman iyon. Makapagbibigay kami ng tunay na pagkain maya-maya. Oo! Sakaling gusto ninyong kainin ang mga bagay na ito.

Ngayon, kung bahagya nating iiwan ang antas na ito at dadako tayo sa ikalawang antas, sa tinatawag nating "ikalawa", upang mapaging-simple ang mga bagay. Ang ikalawang antas, kung gayon, marahil ay magkakaroon tayo ng mas marami pang kakayahan kaysa sa unang antas, at kasama na rito ang mga himala. Subalit ang pinaka-kapansin-pansin na kahanga-hangang bagay na matatamo natin sa ikalawang antas ay ang... ang kahusayang magsalita, at ang kakayahang ma-ipagtalo. At sa wari ay walang sinumang nakagagahis sa isang taong nagtamo na ng ikalawang antas sapagkat mayroon siyang pambihirang kapangyarihan sa kahusayan sa pagsasalita, at ang kanyang katalinuhan ay nasa rurok ng kanyang kapangyarihan.

Karaniwan sa mga taong may pangkaraniwang isip na oaka-simpleng I.Q. ay hindi makapantay sa taong ito sapagkat ang kanyang I. Q. ay bumukas na sa napakataas na antas. Subalit hindi lamang ang pangkatawang utak ang higit na napauunlad, kundi maging ang mahiwagang kapangyarihan, ang makalangit na kapangyarihan, ang karunungang nakatago sa atin. Ngayon ay nagsisimula na itong bumukas. Sa India, ang tawag ng mga tao roon sa antas na ito ay "Buddhi" na ang kahulugan ay antas na pangkaisipan. At kapag nakamit na ninyo ang "Buddhi", kayo ay magiging Buddha. Diyan nagmula ang salitang Buddha – "Buddhi" at Buddha. Ngayon, samakatwid, ang Buddha ay ganyang-ganyan. Hindi pa tapos ito. Hindi lamang Buddha ang ipakikilala ko sa inyo, mayroon pang higit doon. Dahil dito, karamihan sa mga tao ay tinatawag na Buddha ang isang taong naliwanagan na. Kung hindi niya alam ang nasa kabila ng ikalawang antas, marahil ay makadarama na siya ng pagmamalaki tungkol dito. Oo, kung iisipin na siya ay isang buhay na Buddha at ang kanyang mga alagad ay makapagma-malaking tawagin siyang Buddha. Subalit sa katotohanan, kung ang tangi lamang niyang nakamit ay ang ikalawang antas kung saan nakikita niya ang nakaraan, kasalukuyan at hinaharap ng sinumang taong napili niyang makita at kung saan mayroon siyang ganap na kahusayan sa pagsasalita, hindi pa ito kung gayon ang dulo ng Kaharian ng Diyos.

At hindi dapat ipagmalaking sinumang tao ang kakayahang ito na makabasa ng nakaraan, kasalukuyan at hinaharap, sapagkat

ito ang akashic record, gaya ng alam ninyo sa katawagang kanluranin. Lahat kayong nagsasagawa ng yoga o ng ilang uri ng pagninilay ay nauunawaan ang akashic record na isang uri ng aklatan gaya ng isa nating aklatan sa malapit sa Magkakaanib na Bansa. Alam na ninyo, kasama ang lahat ng uri ng wikang nasa loob nito. Tingnan ninyo ang Arabic, Russian, Chinese, English, French, German, lahat ng nasa katabi ninyong aklatan, lahat ng uri ng wika. Kung mayroon kayong kakayahang basahin ang lahat ng wikang ito, alam ninyo samakatwid kung ano ang nagaganap sa bansang iyon. Nauunawaan ba ninyo? Kaya, katulad din nito, ang taong nakarating na sa ikalawang antas, ay mauunawaan niya, maipaliliwanag niya nang malinaw na malinaw ang pattern ng isang tao, tulad ng pagkaunawa ninyo sa sarili ninyong talambuhay.

Sadyang napakarami pang matatamo mula sa ikalawang antas ng kaalaman. Subalit kapag narating na ng isang tao ang ikalawang antas, kakaiba na iyon, isa na siyang buhay na Buddha, sapagkat nabuksan na niya ang "Buddhi", ang pag-iisip. At mababatid natin ang maraming bagay, maraming bagay na hindi natin mapapangalanan. At lahat ng tinatawag nating himala ay magaganap sa atin, sa ayaw at sa gusto natin, sapagkat ang ating pag-iisip ay kabubukas lamang at kababatid lamang kung paano mahihipo ang mas mataas na bukal ng pagpapagaling, ng pagsasaayos, nang sa gayon ang ating buhay ay maging mas maginhawa at mas mabuti. At ang ating pag-iisip o "buddhi" ay bumukas, nang sa gayon ay magkaroon ito ng kakayahang makalapit sa lahat ng kinakailangang kabatiran mula sa nakaraan at mula sa kasalukuyan upang maisaayos at muling maisaayos o mabawi ang pagkakamaling nagawa sa nakaraan. Nauunawaan na ninyo? Upang maitama ang pagkakamali at upang mapabuti ang ating buhay.

Halimbawa, kung hindi natin alam na nasaktan natin nang di-sinasadya ang kalooban ng ating kapitbahay, at ngayon ay alam na natin. Nauunawaan ba ninyo? Napakadali! Kung hindi natin alam at ang kapitbahay ay tahimik na lumalaban sa ating at kung minsan ay nagtatangka pang gumawa ng anumang bagay na makapipinsala sa atin habang tayo ay nakatalikod dahil lamang sa di-pagkakaunawaan o dahil may nagawa tayong pagkakamali sa kapitbahay. Subalit ngayon ay alam na natin, alam na natin ngayon kung bakit ito nangyari. Kaya, madali lang. Maaari tayong pumunta sa kapitbahay, o tumawag sa telepono, o maaari tayong magbigay ng isang pagtitipon, anyayahang dumalo ang kapitbahay at pagkatapos, liwanagan ang di-pagkakaunwaan. Ganyan din kapag narating natin ang pangkaisipang antas, kusa nating, ang ibig kong sabihin, tahimik na mauunawaan ang lahat ng ito at tahimik na maisasaayos ang lahat ng ito o makakaharap sa ilang bukal ng kapangyarihan na makatutulong sa atin upang maisaayos ang mga bagay na ito, upang mapabuti ang ating pamumuhay, upang mapabuti ang paraan ng ating pamumuhay. Kaya, mababawasan natin ang maraming sakuna, ang maraming inaayawang kalagayan at nakapipinsalang kalagayan ng ating pamumuhay. Nauunawaan ba ninyo? Oo! Oo! Samakatwid, kapag nakarating tayo sa ikalawang antas, kakaiba na iyon.

Kung gayon, ang ipinaliwanag ko sa inyo ay lubhang naaayon sa agham at lubhang makatwiran at hindi na kailangang iisipin na ang isang yogi o isang taong mapagnilay ay isang uri ng mahiwagang tao o isang E.T., alam na ninyo, extra-terrestrial o taga-ibang planeta. Sila ay mga nilikhang tagarito sa ating daigdig, tulad ng sino man sa atin, na umuunlad na, alam na ninyo, dahil alam nila kung paano. Sa America, sinasabi natin na lahat ng bagay ay nakasalalay sa pagkabatid-kung-paano, upang matutunan ang

lahat ng bagay. Hindi ba? Maaari nating matutunan ang lahat ng bagay. Kaya ito ay isang uri ng agham sa kabila ng daigdig na ito, kung saan maaari na tayong matuto. At waring lubhang kakatuwa ito, subalit habang tumataas ang mga bagay ay lalo itong nagiging simple. Mas simple pa ito kaysa sa pagpasok natin sa mataas na paaralan o sa kolehiyo na taglay ang lahat ng napakagugulong katanungang nauukol sa matematika at mga problemang ito.

Ang ikalawang antas... ikalawang antas, mayroon pa ring maraming iba' t ibang antas. Ang ibig kong sabihin, sa loob ng ikalawang antas ay mayroon pa ring maraming mga antas. Subalit ginawa ko lamang itong maikli sapagkat hindi ko maaaring isa-isahin ang lahat ng lihim ng langit. Oo! Sa paano' t paano man, malalaman din ninyo ang lahat ng ito pag sumama kayong maglakbay sa isang gurong nakapaglakbay na. Kaya, hindi ito lihim. Subalit napakahaba nito, alam ninyo, kung kailangan nating huminto sa bawat antas – na may maraming antas, mga pangalawang antas at kinakailangan nating suriin ang bawat isa; tatagal ito nang napakatagal. Kaya kung minsan, madalian lamang kayong dinadala ng isang guro sa bawat antas, mabilis na mabilis. Cha! Cha! Cha! Sapagkat kung hindi ninyo kailangang maging guro, hindi ninyo kailangan kung gayon na matutunan ang lahat ng bagay. Pasasakitin lamang nito ang ulo ninyo. Kaya, dadalhin lamang kayo mula sa simula hanggang sa wakas at uuwi na kayo, sapagkat kahit ang gayon ay gugugol na rin ng mahabang oras. Kung minsan, ito ay tumatagal nang habang-buhay. Subalit ang kaliwanagan ay dagli nating natatamo. Subalit iyon ay isa lamang pagsisimula, gaya ng pagpapatala, alam n' yo na? Sa unang araw na magpatala ka sa pamantasan, nagiging mag-aaral ka agad ng pamantasang iyon. Subalit iyon ay walang kinalaman sa Ph.D. Pagkaraan ng anim na taon, apat na taon o labindalawang taon, matatapos ka na. Ngunit agad kang naging, paano sasabihin ito, mag-aaral ng pamantasan, kung iyon ay isang tunay na pamantasan, at kapag nagpatala ka, talagang marubdob ang kagustuhan mong maging isang mag-aaral ng pamantasan. Tama? Kaya, ang dalawang panig ay dapat magtulungan.

Katulad din nito, kung nais nating makarating sa kabila ng daigdig na ito, halimbawa, sabihin na nating katuwaan lang, dahil wala na tayong iba pang mapuntahan sa New York. Alam na natin ang lahat tungkol sa Manhattan, sa Long Beach, sa "short" beach at sa bawat beach. Ngayon, ipag-palagay nang gusto nating maglakbay sa lugar ng E.T., upang makita kung ano ang nagaganap, gusto n' yo? Bakit hindi? Yayamang gumugugol tayo ng maraming salapi upang makapunta sa Miami, Florida, upang maligo lamang sa dagat, bakit hindi tayo pumunta paminsan-minsan sa iba' t ibang daigdig na nasa kabila ng daigdig na ito upang makita kung ano ang anyo ng mga katabi nating planeta at kung paano pinabubuti ng mga tao roon ang kanilang sarili? Sa palagay ko ay wala akong nakikitang kakaiba tungkol doon. Wala? Iyon ay isa lamang uri ng paglalakbay ng isip, paglalakbay ng kaluluwa sa halip na paglalakbay ng katawan.

May dalawang uri ng paglalakbay. Kita na ninyo, lubha itong naaayon sa katwiran at napakadaling maunawaan. Ngayon, nasa ikalawang antas na tayo, tama, ikalawang antas. Ano pa ang dapat kong sabihin sa inyo? Kaya, ganyan tayo nagpapatuloy sa daigdig na ito, subalit kasabay nito, mayroon din tayong kaalaman tungkol sa iba pang daigdig. Nauunawaan ba ninyo? Sapagkat naglalakbay tayo. Gaya lamang ng ikaw ay isang mamamayan Amerikano o ikaw ay isang sino pa mang mamamayan ng daigdig, gayunpaman, naglalakbay ka sa iba' t ibang bansa upang makita lamang kung ano ang itsura ng katabing bansa. At sa palagay ko,

marami sa inyo sa Magkakaanib na Bansa ang hindi taal na Amerikano. Hindi? Oo. Kaya, alam na ninyo ngayon ang bagay na katulad niyon. Makapaglalakbay tayo sa katabing planeta o sa susunod na antas ng buhay upang makaunawa. Sapagkat napakalayo ng agwat kaya hindi tayo maaaring maglakad, hindi tayo maaaring sumakay sa rocket, ni hindi tayo maaaring sumakay sa UFO.

Ang ilang daigdig ay mas malayo pa kaysa sa nalilipad ng UFO. UFO! Unidentified flying object, hindi makilalang bagay na lumilipad, oo, tama! Isang bagay na lumilipad, tama! Ngayon, may isang kasangkapan sa ating sarili na mas mabilis kaysa sa masusundan ng UFO. Iyon ay ang sarili nating kaluluwa. Kung minsan, tinatawag natin itong espiritu. At makalilipad tayo sa pamamagitan nito, nang walang ano mang gasolina, walang pulis, o pagsisiksikan ng mga sasakyan o walang kahit ano. At hindi natin kailangang mag-alala na isang araw ay hindi na tayo pagbibilhan ng langis ng mga Arabo, sapagkat ito ay may sariling kakayahan. Hindi ito kailanman nasisira, maliban na lamang kung nais natin itong sirain sa pamamagitan ng paglabag sa mga panuntunang pang-kalawakan, paglabag sa pagkakatugma ng langit at lupa na napakadaling iwasan. Sasabihin namin sa inyo kung paano kung interesado kayong malaman. Halimbawa, iiklian ko lang, ha? Hindi ako mangangaral. Huwag kayong mag-alala. Hindi ko kayo dadalhin sa simbahan. Halimbawa lang.

May mga batas sa kalawakan na dapat nating malaman, tulad lamang ng kapag nagmaneho tayo ng kotse, dapat nating malaman ang batas ng trapiko. Pulang ilaw, hihinto ka; berdeng ilaw, tatakbo tayo. Magmaneho sa kaliwa, sa kanan, atbp... daang-bayan, gaano katulin. Samakatwid, may ilang napaka-simpleng mga batas sa kalawakan, sa panlupang kalawakan. Nauunawaan ba ninyo? Sa kabilang ating daigdig, sa kabilang panlupang kalawakang ito, ay walang mga batas, walang kahit anong batas. Malaya tayo, malayang mamamayan, subalit kinakailangang makalampas tayo roon upang maging malaya. Habang nabubuhay pa tayo sa daigdig na ito, sa katawang lupa, kinakailangan tayong manatiling sakop ng batas hangga' t maaari, upang hindi tayo malagay sa gulo. At nang hindi masira ang ating mga sasakyan upang makalipad tayo sa nang mas mabilis, mas mataas, nang walang problema.

Kaya, ang mga batas na ito ay nakasulat sa Bibliya, sa inyong Bibliyang Kristiyano at sa Bibliyang Buddhist o sa Bibliyang Hindu. Ang mga simpleng batas tulad ng huwag tayong mananakit ng kapuwa, huwag tayong papatay, "huwag kang papatay" at huwag gagawang, alamn' yo na ... mga mapagmahal na pakikipag-ugnayan sa labas at ang hindi pagnanakaw, atbp. At ang huwag iinom ng mga inuming nakalalasing, kabilang na rito ang mga bawal na gamot sa panahong ito. Marahil, alam ng Buddha na sa ika-20 dantaon ay makakaimbento tayo ng cocaine at lahat ng ganoon, kaya sinabi niyang huwag iinom ng bawal na gamot. Ang mga bawal na gamot ay kinabibilangan din ng lahat ng uri ng sugal at anumang bagay na nagiging dahilan upang ang ating isip ay... paano sasabihin ito, matali sa makalupang kasiyahan at makalimutan ang pangkaluluwang paglalakbay. Kung gusto nating lumipad nang mabilis, nang mataas at walang panganib, naririto ang mga panlupang batas na katulad na katulad ng mga batas ng physics. Kung gustong lumipad ng isang rocket, ang siyentipiko ay kinakailangang sumunod sa ilang mga batas. Iyon lang, tama ba? Kaya, gaano pa kaya tayo dapat maging mas maingat kung gusto nating makalipad nang mas mataas pa kaysa roon, mas mataas pa kaysa sa malilipad ng mga rocket, mas mabilis pa kaysa sa mga UFO. Ngunit may ilang mga detalye na maaaring maipaliwanag, sakaling interesado kayo. At iyon ay

ipaliliwanag sa panahon ng pagmumulat. Ngayon, ayaw namin kayong inipin dahil sa mga panuntunang ito na sasabihin ninyong, "Alam ko na. Alam ko na. Nabasa ko na iyan, ang mga iyan sa Bibliya. Sampung panuntunan, tama? Sampung utos."

Sa katunayan, marami sa atin ang nakabasa na sa mga panuntunan subalit hindi gaanong nababahala sa mga ito, o hindi ito taimtim na nauunawaan. O marahil, gusto nating maunawaan..., sa paraang ginagawa natin, subalit hindi sa paraang talagang kahulugan nito. Samakatwid, hindi nakasasakit ang paalalahanan tayo kung minsan, o ang makinig sa medyo mas malalim pang kahulugan niyon, muli. Halimbawa, sa Bibliya, sa Lumang Tipan, sa unang pahina, sinabi ng Diyos, Nilikha ko ang lahat ng mga hayop upang maging kaibigan ninyo at upang matulungan kayo, at pamumunuan ninyo sila. At pagkatapos ay sinabi Niyang nilikha Niya ang lahat ng mga pagkain para sa mga hayop, iba' t ibang uri para sa bawat isa. Subalit hindi Niya sinabi sa atin na kainin natin ang mga hayop. Hindi! At sinabi Niya, Nilikha ko ang lahat ng pagkain, lahat ng damong-pagkain sa bukid at ang bunga ng mga punong-kahoy na masarap sa panlasa at kalugud-lugod sa paningin. Ang mga ito ang magiging pagkain ninyo. Subalit hindi maraming tao ang pumansin dito. At napakarami sa mga tagasunod ng Bibliya ang kumakain pa rin ng karne, alam n' yo na, nang hindi nauunawaan kung ano ang tunay na ibig sabihin ng Diyos.

At kung hahantong tayo sa isang mas malalim na maka-agham na pagsasaliksik, malalaman natin na tayo ay hindi para sa pagkain ng karne. Ang ating panunaw, ang ating mga bituka, ang ating sikmura, ang ating mga ngipin, lahat ay maka-agham na nilikha para sa pagkaing gulay lamang. Hindi kataka-taka na karamihan sa mga tao ay nagkakasakit, mabilis na tumatanda, madaling mapagod, at nagiging mabigat ang katawan gayong isinilang silang matatalino at matatalas ang isip. At humahantong sila sa bahagyang paghina ng ulo sa bawat araw, at habang patanda sila ng patanda, lalon sumasama ang kanilang nararamdaman. Ito ay dahil sinira natin ang ating mga sasakyan, ang ating mga lumilipad na bagay, ang ating UFO. Kaya, kung nais nating magamit nang mas matagal at mas ligtas ang sasakyang ito, kinakailangan nating ingatan ito sa tamang paraan kung gayon. Ngayon, halimbawa, mayroon tayong kotse. Alam n' yo na, lahat kayo ay nagmamaneho ng kotse. Ngayon, kung maling gasolina ang ilalagay ninyo rito, ano ang mangyayari? Ano ang mangyayari? Marahil, tatakbo lamang ito ng mga ilang talampakan at pagkatapos ay hihinto na. At hindi ninyo masisisi ang kotse. Pagkakamali lamang natin iyon, nagkamali tayong lagyan ito ng gasolinang hindi para rito. O kung ang ating gasolina ay nahaluan ng tubig, tama, marahil ay sandali lamang itong makakatakbo, subalit may sira. Hindi ba? O, kung ang ating langis ay naging napakarumi at hindi natin ito nilinis, sandali itong tatakbo subalit magkakaproblema tayo. At kung minsan, sasabog pa ito dahil lamang sa hindi natin iningatan sa tamang paraan ang ating kotse, hindi ba?

Katulad din nito, ang ating katawan ay gaya ng isang sasakyan na magagamit natin upang makalipad mula rito hanggang sa kawalang-hanggan, sa pinakamataas na antas ng maka-agham na karunungan. Subalit kung minsan ay sinisira natin ito at hindi natin ito ginagamit sa tamang layunin nito. Halimbawa, ang layunin ng ating kotse ay ang makatakbo nang maraming-maraming milya upang maihatid tayo sa upisina, sa ating mga kaibigan at sa iba' t ibang magagandang tanawin. Subalit pinabayaan natin, nilagyan natin ng maling gasolina, o hindi natin iningatan ang langis, hindi natin iningatan ang tangke ng tubig, lahat-lahat.

At hindi ito tumakbo nang napakatulin. Hindi ito nakatakbo

nang napakalayo. At nagpaikut-ikot lamang tayo sa ating damuhan, sa paligid ng ating likod-bahay. Tama rin iyon. Nauunawaan ba ninyo? Lamang, sinayang natin ang ating layunin sa pagbiling kotse. Isa lamang iyong pagsasayang ng pera at panahon at kakayahan. Iyon lang. Walang dapat sisihin. Walang pulis na maghahabla sa iyo dahil lamang doon. Kaya lang, sinayang ninyo ang inyong kotse, sinayang ninyo ang inyong pera samantalang maaari kayong makapunta sa malayung-malayo at makakakita ng maraming bagay, at tamasahin ang iba' t ibang tanawin.

Katulad din nito, ang ating katawang-lupa, maaari tayong mabuhay sa daigdig na ito subalit maaari tayong mag-ingat na sa loob ng katawang-lupang ito ay mayroon tayong iba pang mga kasangkapan, na makalilipad tayo nang lampas pa roon. Gaya ng isang astronaut, nakaupo siya sa rocket. Ang rocket ang kanyang kasangkapan. Dapat niyang pag-ingatan na huwag labagin ang mga batas ng physics ng physics upang ang kanyang rocket ay makalipad nang ligtas at mabilis. Subalit ang astronaut na nasa loob ng rocket ay mahalaga. Ang rocket na iyon ang naghahatid sa kanya sa kanyang patutunguhan. Subalit ang rocket, nauunawaan ninyo, ay hindi siyang pangunahing paksa – ang pangunahing paksa ay ang astronaut, ang patutunguhan. At kung gagamitin niya ang rocket para lamang magpaikut-ikot sa Long Island, ito kung gayon ay isa lamang pagsasayang ng oras. Nauunawaan ba ninyo? Isang pagsasayang ng pera ng bansa.

Kaya, samakatwid, ang ating katawan ay napakahalaga sapagkat sa loob nito ay nakaupo ang Panginoon. Kaya sa Bibliya, sinasabing, Hindi ba ninyo nalalaman na kayo ang templo ng Diyos at nananahan sa inyo ang Makapangyarihang Diyos, ang banal na espiritu, ganoon, ganoon din. Kung nananahan sa atin ang banal na espiritu o ang Makapangyarihang Diyos, mailalarawan ba ninyo sa isip kung gaano kakila-kilabot iyon, napaka-makahulugan! Subalit maraming tao ang bumabasa rito nang mabilis ng unit hindi nauunawaan, hindi napagtatanto ang kadakilaan ng pangungusap na ito, at hindi nagsisikap na tuklasin. Kaya, ito ang dahilan kung bakit ang aking mga alagad, gusto nilang sumunod sa aking aral sapagkat maaari nilang matuklasan kung sino ang nakaupo sa loob at kung ano ang nasa kabila ng daigdig na ito, bukod pa sa ating araw-araw na pagsisikap, pagkita ng salapi at lahat ng makalupang suliraning ito. Marami tayong kagandahan, maraming kalayaan, maraming kaalaman sa ating katauhan. At kung malalaman lamang natin ang tamang paraan ng pagharap dito, lahat ng ito ay atin sapagkat taglay natin ang mga ito sa ating sarili. Kaya lamang, hindi natin alam kung nasaan ang susi at isinusi natin ang bahay na ito sa mahabang panahon at ngayon ay nakalimutan na natin na taglay natin ang kayamanang ito. Iyon lamang. Kaya, ang tinatawag na Guro ay ang taong makatutulong sa atin upang mabuksan ang pinto at maipakita sa atin kung ano ang likas nang nasasa-atin. Subalit kakailanganin ntin ang panahon at ang makapasok dito at masuri ang bawat bagay na ating tinataglay.

Kaya, sa paano' t paano man, nasa ikalawang daigdig na tayo. Interesado pa ba kayong magpatuloy? (Opo! Opo! Sagot ng mga nakikinig) Gusto ninyong malaman ang lahat ng bagay nang hindi gumagawa? (Tumawa ang guro.) Sige. Pero kahit isang tao man lamang ay makapagsasabi sa iyo na kung ano ang itsura ng ibang bansa kapag nakarating na siya roon bagamat kayo ay hindi pa. Hindi ba? Kayo man lamang ay interesado, marahil ay gusto ninyong makapunta. Sige. Kaya, ngayon, pagkatapos ng ikalawang daigdig. Hindi ko pa natatapos ang lahat ng ikalawa, subalit malalaman ninyo na hindi tayo maaaring maupo rito nang maghapon. Kaya pagkatapos ng ikalawa, maaaring magkaroon na

kayo ng maraming kapangyarihan. Kung disidido kayo at nagsisikap kayo para rito, makakarating kayo sa ikatlo.

Ang tinatawag na ikatlong daigdig. Ito ay isang mas mataas na baitang. Ang taong pupunta sa ikatlong daigdig ay kinakailangang maging ganap na malinis sa lahat ng pagkakautang sa daigdig na ito, kahit papaano. Nauunawaan ba ninyo? Kung may utang tayo sa hari ng makalupang daigdig na ito, hindi tayo makakaakyat. Katulad ng kung ikaw ay isang kriminal sa isang bansa, hindi pa nalilinis ang iyong rekord, hindi ka maaaring lumampas sa hangganan upang pumunta sa ibang bansa. Samakatwid, ang pagkakautang sa daigdig na ito ay kinabibilangan ng maraming bagay na nagawa natin sa nakaraan ng ating buhay sa lupa. Ngayon, lahat ng ito ay kinakailangang mapatawad, gaya ng pagbabayad natin sa adwana, bago tayo makapunta sa kabilang daigdig. Subalit kung tayo ay nasa ikalawang daigdig, nagsisimula tayong gumawa, nauunawaan ninyo, alinsunod sa anumang antitirang karma ng nakaraan at ng kasalukuyang buhay na ito. Sapagkat kung walang nakaraang karma, hindi tayo maaaring mabuhay sa kasalukuyang daigdig na ito.

Ang mga guro ay may dalawang magkaibang pangkat. Ang isa ay walang karma subalit hinihiram niya ang karma upang makababa; ang isa naman ay katulad natin, mga pangkaraniwang nilalalang, subalit may nadalisay nang karma. Kaya, kahit sino ay maaaring maging guro-sa-hinaharap, alam n' yo na, isang guro sa hinaharap. At kung minsan, ang guro ay bumababa mula sa mas mataas na daigdig nanag may hiram na karma. Ano sa pakiwari ninyo ang tungkol dito, ang manghiram ng karma? (Tumawa ang guro.) Maaari iyon. Halimbawa, bago kayo bumaba rito, nakagaling na kayo rito noon pa man. Oo? At nakagawa na kayo ng patas na pakikipagpalitan sa iba' t ibang antas, hanggang sa ikalimang antas man lamang. Iyan ang tahanan ng guro, ang ikalimang antas. Subalit pag lampas doon ay marami pa ring mga antas, tama!

Ngayon, kaya pag gusto nating bumalik uli dahil sa pagkahabag o dahil sa ilang takdang gawain mula sa Ama, halimbawa, saka tayo bababa. At dahil sa kaugnayan natin sa mga tao sa nakaraan, maaari nating hiramin ang ilan sa kanilang mga pagkakautang, alam n' yo na, ang karma. Utang lamang, wala na, wala nang maganda tungkol sa mga tao. Maaari naring hiramin ang ilang utang at pagkatapos ay bayaran natin ito, nauunawaan ba ninyo, unti-unti nating bayaran sa pamamagitan ng ating kapangyarihang pangkaluluwa hanggang sa matapos natin ang gawain sa daigdig na ito. Kung gayon, ibang klaseng guro ito, ha? At mayroon ding iba pa na mula sa daigdig na ito, pagkatapos ng kanilang pagsasagawa, nagiging mga guro agad sila rito, para bang nagtatapos sila. Oo. Samakatwid, para bang mayroon tayong mga propesor sa pamantasan, mga propesor sa pamantasan na mayroong mga estudyanteng nagtapos at naging mga propesor pagkatapos. Nauunawaan ba ninyo? Mayroong mga matagal na matagal nang propesor, at mayroon namang bagu-bago pa lamang nakapagtatapos na mga propesor, atbp. Gayon din, mayroon ding ganitong uri ng mga guro.

Kaya ngayon, kung nais nating pumunta sa ikatlong daigdig, kinakailangang ganap nang napawi ang bawat bakas ng karma. Ang karma ay nag batas ng "kung ano ang itinanim siya mo ring aanihin". Hindi ba? Gaya ng pag nagtanim tayo ng buto ng kahel, kahel din ang aanihin natin; kaya, ang mga ito ang tinatawag na karma. Ang Bibliya ay walang sinasabi tungkol sa karma subalit sinasabi nito na, Kung ano ang itinanim, siya mo ring aanihin. Pareho riniyon.

Ang Bibliya ay isang pinaikling kabuuan ng aral ng

Panginoon, at paano' t paano man ang Kanyang buhay ay isa ring pinaikling kabuuan. Kaya wala tayong gaanong paliwanag sa Bibliya. At marami sa mga pahayag sa Bibliya ay sinensura upang mabigyang kasiyahan ang tinatawag na mga pinuno ng mga kilusang ito; na hindi laging mga taong talagang may hilig sa mga bagay na pangkaluluwa. Alam ninyo, sa bawat uri ng pananaw, lahat ng bagay ay ipinagbibili at binibili ng mag tao. Ang mga taong ang hanapbuhay ay bumibili at magbili... may mga taong nagbibili at bumibili na punung-puno ng bawat pananaw sa buhay. Subalit ang Bibliya, ang tunay na Bibliya, alam natin na ito ay bahagyang kakaiba, mas mahaba nang kaunti, mas tama at mas madaling maunawaan. Sa paano' t paano man, sapagkat hindi natin mapatutunayan ang karamihan sa mga ito, hindi natin ito pag-uusapan sakaling sabihin ng mga tao na nilalapastangan natin ito. Kaya, ang maaari lamang nating pag-usapan ay mga bagay na maaari nating patunayan.

At itatanong ninyo sa akin pagkatapos, "Nangungusap ka tungkol sa ikalawang daigdig, ikatlong daigdig at ikaapat na daigdig na ito. Paano mo mapapatunayan ito?" Buweno, kaya ko! Kaya kong patunayan ito. Kung sasama kayong lumakad sa akin, sa iisang landad, makikita n' yo rin ang nakikita ko. Nauunawaan ba ninyo? Subalit kung hindi kayo sasamang lumakad, hindi ko ito mapapatunayan sa inyo. Mangyari pa. Mangyari pa. Samakatwid, nangangahas akong magsalita tungkol sa mga bagay na ito sapagkat mayroong katibayan. May katibayan tayo sa daan-daang libong mga alagad sa buong mundo. Kaya, makapangungusap tayo tungkol sa mga bagay na alam natin. Ngayon, halimbawa, kung pupunta tayo sa... subalit dito, kakailanganin ninyong sumabay sa paglalakad ko, kailangang lumakad kayo. Sapagkat kung hindi, hindi ninyo maaring sabihing, "Wow, naglakad ka para sa akin, sabihin mo sa akin at ipakita mo sa akin ang lahat." Hindi ko magagawa.

Halimbawa, kung wala ako sa silid na ito ng Magkakaanib na Bansa, ano man ang sabihin ninyo tungkol sa silid na ito ay walang kabuluhan para sa akin, sapagkat hindi ko talagang naranasan aang mapunta sa silid na ito. Hindi ba? Kaya, kailangang sumabay tayo sa paglakad ng sinumang gabay na may karanasan. At mayroon akong ilang mga alagad sa silid na ito na may iba' t ibang nasyonalidad, nagkaroon na sila ng mga ganitong karanasan na katatapos ko lamang sabihin sa inyo, ang iba ay bahagya at ang iba ay ganap. Oo, oo. At, pagkaraan ng ikatlong daigdig, talagang hindi ito ang lahat-lahat. Ang sinabi ko sa inyo ay bahagi lamang ng mga bagay. Iyan ay isang uri ng kuwento ng paglalakbay, isinasalaysay ang mga bagay sa isang maliit na bahagi at hindi detalyeng-detalye. Kahit sa pagbasa natin ng aklat tungkol sa ilang bansa, hindi iyon ang tunay na bansa. Hindi ba? Kaya, marami tayong mga aklat tungkol sa paglalakbay, tungkol sa iba' t ibang bansa sa buong mundo, subalit gusto pa rin nating tayo mismo ang magpunta roon. Hindi ba?

Alam natin ang tungkol sa Spain at Tenerife at Greece, subalit ang mga ito ay mga pelikula lamang o mga aklat lamang. Kailangan nating pumunta roon at talagang maranasan ang kasiyahan ng pagiging naroroon at matikman ang pagkaing iniaalok nila at ang napakasarap na tubig ng dagat at ang magandang panahon at ang magiliw na mga tao at lahat ng uri ng kapaligiran na hindi natin mararanasan sa pamamagitan ng pagbabasa lamang ng mga aklat.

Kaya, sa paano' t paanoman, ipagpalagay nang nakaraan na kayo sa ikatlong daigdig at ano ang kasunod? Mangyari pa, pupunta kayo sa mas mataas, ang ikaapat. At ang ikaapat na daigdig, ito ay lampas na sa pambihira. At hindi natin basta-basta magagamit ang simpleng salita upang mailawaran ang lahat ng bagay na ito sa

mga karaniwang tao sa pangambang baka magdamdam ang panginoon ng daigdig na iyon. Sapagkat ang daigdig na iyon ay napakaganda kahit na ang ilang bahagi nito ay napakadilim, mas madilim pa kaysa sa gabing walang kuryente sa New York. Naranasan na ba ninyo ang mawalan ng kuryente sa buong lungsod, at ang buong lungsod ay nasa kadiliman? Oo! Ganoon, mas madilim roon! Subalit bago ninyo marating ang liwanag, mas madilim pa kaysa roon. Iyon ay halos isang ipinagbabawal na lungsod. Bago natin marating ang kaalaman ng Diyos, tayo ay pinipigil, sa dakong iyon. Subalit pag kasama ang isang guro, ang isang may karanasang guro, makararaan kayo, kung hindi, hindi natin matatagpuan ang daan sa gayong uring daigdig.

Kapag narating natin ang iba't ibang antas ng... pamantayan ng buhay. Mararanasan natin hindi lamang ang mga pagbabagong pangkaluluwa kundi maging ang mga pagbabagong pangkatawan, mga pagbabagong pangkaisipan at lahat ng iba pang bagay sa ating buhay. Maiiba ang pananaw natin sa buhay, maiiba ang ating paglakad, maiiba ang paraan ng ating paggawa. Maging ang ating gawain, ang ating pang-araw-araw na gawain ay magkakaroon ng ibang kahulugan at mauunawaan natin kung bakit tayo gumagawa sa ganitong paraan, kung bakit kinakailangang naririto tayo sa gawaing ito, o bakit dapat nating palitan ang gawaing ito.

Mauunawaan natin ang ating layunin sa buhay, kaya hindi na tayo makadarama ng pagkabalisa at pagkabagabag, oo! Subalit maghihintay tayo nang walang hidwaan, buong tiyaga hanggang sa matapos ang ating misyon sa lupa, sapagkat alam natin kung saan tayo susunod na pupunta. Alam natin habang nabubuhay pa tayo. Iyan ang sinasabing, "namamatay habang nabubuhay". Oo, oo! At sa palagay ko, ilan sa inyo ay nakarinig nang ganito noon, subalit wala akong nalalamang sinumang guro na maaaring mangusap nang kakaiba, (tumawa ang Guro) maliban sa kinakailangang maranasan natin ang tunay na kasiyahan ng mga karanasang nasa kalooban. Paano mailalarawan ng sinuman... ang ibig sabihin, ang isang Mercedes Benz nang kakaiba. Hindi ba? Kinakailangang pareho rin iyon. Kaya, sinumang taon nagmamay-ari ng Mercedes Benz ay ilalarawan ang iisang bagay, naunawaan n' yo, subalit hindi iyon ang Benz.

Kaya, bagamat nangungusap ako sa inyo sa napaka-ordinaryong salita, ang mga ito ay hindi ordinaryong bagay at ang mga bagay na ito ang kinakailangang maranasan natin sa mismong sarili natin, na may kasamang gawa, katapatan at patnubay. Mas ligtas ang gayong paraan. Bagamat marahil ay mangyayaring, isa sa isang milyon, magagawa natin ito sa pamamagitan lamang ng ating sarili, subalit ito ay may kasamang panganib, may hindi gaanong matibay na kalalabasan, hindi gaanong ligtas. Ilan sa mga tao sa nakaraan... halimbawa si Swedenborg. Halos nagawa niya itong mag-isa. O si Gurdijeff marahil, ipinalalagay na nagawa niya ito sa sarili niya, nagawa niya nang nag-iisa. Subalit nang basahin ko ang gawang ito, ilan sa mga tao ang... hindi nila ito nagawa nang walang panganib at walang problema. At hindi lahat sila ay talagang nakarating sa pinakamataas na antas.

Kaya, pagkatapos niyon, pupunta kayo sa mas mataas na antas. Pagkatapos ng ikaapat, mapupunta kayo sa mas mataas na antas. Ang tahanan ng guro ang ikalimang antas, lahat ng guro ay nagmula rito. Bagamat ang kanilang mga antas ay mas mataas pa kaysa sa ikalima, mananatili sila roon. Iyon ang tirahan ng guro. At sa kabila pa niyon, marami pang bahagi ng Diyos, na mahirap maunawaan. Nangangamba ako na baka malito kayo kaya marahil, sa ibang pagkakataon ko na lang sasabihin sa inyo, o marahil, pagkatapos ng pagmumulat kapag medyo handa na kayo; may

sasabihin akong kasindak-sindak na mga bagay tungkol sa inyong imahinasyon. Kung paano ito gumagawa kung minsan ng mali sa mga kuru-kuro tungkol sa Diyos.

Kaya malugod kong tatanggapin ang mga katanungan, kung mayroon man. At malaya rin kayong itapon ako sa labas, kung masyado nang nakayayamot para sa inyo. (Tumawa ang Guro) Magagalak din akong umalis. May mga katanungan ba? Sige, sige. Sandali lang po. Tama na. Pakihintay lang po ang mikropono, para marinig ng mga tao ang sasabihin ninyo.

T. Binanggit ninyo na maaaring hiramin ng guro ang karma ng mga tao. Kung gayon, ang karma ay nabubura, para sa mga taong ito? Ano ang ibubuga nito sa mga tao?

S. Oo, oo, oo. Oh! Maaaring burahin ng guro ang karma ng sinuman. Kung iyon ang piniling gawin ng guro. Sa katunayan, lahat ng mga alagad, sa panahon ng pagmumulat, lahat ng karma sa nakaraan ay kinakailangang mabura. Iiwan ko lamang sa inyo ang kasalukuyang karma, upang makapagpatuloy tayo sa buhay na ito, sapagkat kung hindi, agad tayong mamamatay. Kung walang karma, hindi tayo maaaring mabuhay dito. Kaya, ang dapat lamang burahin ng guro ay ang naka-imbak na karma, upang malinis ang tao, at mag-iwan lamang ng katiting na karma para sa kanya upang makapagpatuloy siya sa buhay na ito, upang magawa niya ang dapat niyag gawin sa daigdig na ito. At pagkatapos nito, tapos na. Kaya maaari na siyang umalis, kung hindi, paano siya makakaalis? Kahit malinis na siya sa buhay na ito, gaano kalinis? At paano ang nakaraang buhay, nauunawaan ba ninyo? Oo. Sige.

T. Salamat po.

G. Wala pong anuman. Napakatalinong katanungan. Kung gayon, at palagay ko ay napakamasigasig ninyo. Mayroon pa ba? Magtanaong lang po kayo.

T. Ano po ang layunin ng inyong pagsasanay?

G. Ano ang layunin? Hindi ko pa ba nasasabi sa inyo? Upang makapaglakbay sa kabila ng daigdig na ito, makabalik sa Kaharian ng Diyos, mabatid ang karunungan, at maging mas mabuting tao sa daigdig pa ring ito.

T. At mayroon po bang karma sa lahat ng kaharian?

G. Hum, hindi sa lahat ng kaharian, hanggang sa ikalawang kaharian lamang, sapagkat ang ating isip, ang ating utak, ang computer, ay nililikha sa ikalawang pamantayan. Kapag bumaba tayo sa bawat daan, sa bawat daan mula sa mas mataas na pamanatayan hanggang sa panlupang pamantayang ito, ipagpalagay nang upang gawin ang ilang gawain. Tama? Halimbawa, maging ang guro ay bumababa mula sa ikalimang pamantayan hanggang sa makalupang daigdig. Pagkatapos, duamaan siya sa ikalawang antas at dinampot ang computer na ito at inayos ito, upang gumawa sa daigdig na ito. Katulad lamang ng isang maninisid, alam n' yo na, na sumisisid sa dagat. Kinakailangan niyang dumaan sa paghahanda ng maskara, ng oxygen at ng lahat-lahat. Bagamat siya mismo ay hindi mukhang katawa-tawa, nagmumukha siyang palaka kapag suot niya ang maskara natin kung minsan sa ating... sa computer na ito at sa mga makalupang sagabal. Kung hindi dahil dito, tayo ay magandang-maganda. Kahit na sa palagay ninyo ay maganda kayo ngayon,

napakapangit pa rin ninyo kung ihahambing sa tunay na kayo. Nauunawaan ba ninyo? Dahil sa mga kasangkapang kinakailangan nating isuot upang makasisid nang malalim sa daigdig na ito para gumawa. Kaya, paglampas natin sa ikalawang antas upang umakyat, kinakailangang iwan natin doon ang ating computer, hindi na natin ito kailangan sa itaas. Ganyang-ganyan din pagsapit ng maninisid sa dalampasigan, hinuhubad niya ang kanyang maskara ng oxygen at ang lahat ng kagamitan niya sa pagsisid, oo, at siya ay nagmumukha nang kung ano ang tunay na siya. Tama? Sige. Oo, magpatuloy po kayo kung nais ninyo. Heto, heto. Iisa lamang ang ating mikropono, kawawa naman.

T. Salamat po, salamat po, Guro. Sinabi ninyo na sa katapusan ng ikalawang daigdig, bago kayo umakyat, ay iniiwan ninyo ang lahat ng inyong karma o kailangan ninyong magtika o linisin ang lahat ng inyong karma. Nangangahulugan po ba iyon na ang lahat ng karma ng nakaraan ay nabubuhay din kaya naparito kayo sa daigdig na ito na taglay ito?

G. Oo. Sapagkat walang computer na magtatala ng anuman. Mayroon lamang tayong karma sapagkat mayroon tayo ng computer na ito, ang isip, ang utak na siyang nagtatala ng bawat karanasan ng makalupang daigdig na ito. Kaya mayroon tayo nito. Masama man o mabuti, itinatala natin iyon dito. Iyan ang tinatawag nating karma. Ano ang karma? Mga karanasan lamang, masama o mabuti, ang ating mga reaksiyon, ang ating mga karanasan sa pagkatuto sa maraming panahon ng buhay. At sapagkat mayroon tayong tinatawag na kunsensiya, alam natin na dapat maging mabuti ngunit kung minsan ay masama ang ating ginagawa. Kaya, ito ay tinatawag nating karma. At ang masasamang bagay ang

nagpapabigat sa atin, katulad ng maraming basura, dala-dalahan, dahil sa batas ng grabidad; binabatak tayo nitong pababa at pinahihirapang ating pag-akyat sa bundok. Nauunawaan ba ninyo? Dahil sa karamihan ng mga disiplinang moral sa daigdig na ito, maraming alituntunin, maraming kaugalian, maraming mga asal, sa iba' t ibang bansa, ang gumagapos sa atin sa mga tinatawag na mga pagkaunawa tungkol sa mabuti at masama, pagkakasala at kawalang-sala. Samakatwid, kapag nakipagpalitan tayo ng gawa sa mga tao sa daigdig na ito, nagkakaroon tayo ng mga karanasan na mabuti at masama, pagkakasala at kawalang-sala alinsunod sa mga kaugalian, asal, mga batas ng bansang iyon. Nauunawaan ba ninyo? At naging kaugalian na natin ang mag-isip sa gayong paraan, na kapag ginawa natin ito, tayo ay masamang tao. At ito, lahat ng ito ay nakatala rito. Iyan ang nagiging sanhi upang magpalipat-lipat ang ating kaluluwa sa iba' t ibang katawan at upang magapos tayo sa makalupang daigdig na ito o sa medyo mas mataas na daigdig. Subalit hindi lubhang mataas. Hindi pa tayo, hindi..., hindi pa tayo ganap na malaya. Hindi pa sapat ang ating gaan upang lumutang sa itaas. Nauunawaan ba ninyo? Dahil sa lahat ng palagay na ito... dahil sa akala.

T. Tiyak na po ba sa simula pa lamang na mararating natin ang isang siguradong antas sa bawat panahon ng buhay nang tayo ay isilang?

G. Hindi, mayroon tayong malayang kagustuhan, malaya tayong pumili kung gusto nating tumakbo nang mabilis o mabagal. Oo. Halimbawa, ang inyong kotse, nilagyan ninyo ito ng isandaang litro ng gasolina. Hindi ko alam kung gaano karami ang inilalagay sa kotse. Hindi ako marunong magmaneho ng kotse. Subalit maaari

kayong makatakbo nang matulin sa pamamagitan nito, oo, upang mas mabilis kayong makarating sa inyong patutunguhan, oo maaari ninyong bagalan ang inyong takbo. Nasasa-inyo iyon. Oo.

G. Ang ginoo, sa katabing pinto. O gusto pa ninyong magsalita. Oo? Hindi?

T. Buweno, gusto ko lamang pong itanong sa inyo... ang mga anghel, saang antas sila kabilang?

G. Saan antas sila kabilang? Oh! Depende iyon sa kung anong uri ng mga anghel.

T. Ang mga anghel na tagatanod po.

G. Oh! Ang mga anghel na tagatanod, maaaring doon sila sa ikalawang antas. Ang mga anghel ay mas mababa kaysa sa mga tao, mas mababa ang kabantugan. Sila ay itinalaga upang maglingkod sa atin.

T. At hindi sila kailanman lumalampas doon?

G. Hindi! Maliban na lamang kung magiging tao sila. Lahat sila ay inggit na inggit sa mga tao, sapagkat ang Diyos ay nananahan lamang sa kanila. Samantalang tayo, taglay natin ang lahat ng kasangkapan upang maging kaisa ng Diyos, wala nito ang mga anghel. Ito ay magulo. Sa ibang araw na ako mangungusap sa inyo tungkol dito. Sige! Sila ay mga itinalaga para sa ating kapakinabangan, nakita na ninyo, ang iba' t ibang uri ng mga anghel. Oo. Halimbawa, kung ito ay nilikha ng Diyos ito sa makatwid ay nilikha upang maglingkod sa atin, nauunawaan ninyo? At hindi sila... hindi nila kailangang lumampas doon. Nauunawaan ba ninyo? Subalit maaari silang lumampas, oo. Kung minsan may isang bagay na nililikha nang walang karampatang pagkakaayos upang mapabuti. Nauunawaan ninyo? Halimbawa, sa bahay ninyo, may mga bagay na ginawa ninyo para sa sarili ninyong kaginhawaan, nauunawaan ninyo. Kahit na lubhang kakatwa ito. Halimbawa, nakaupo kayo rito at maaari ninyong buhayin at patayin ang mga ilaw sa paligid ng inyong bahay at halamanan, at maaari ninyong buksan at patayin ang TV, sapagkat nilikha ninyo ito para sa inyong sarili, subalit ito ay upang paglingkuran lamang kayo. Sapagkat kahit mas mabuti ito kaysa sa inyo sa ibang pananaw, tulad nang makatatayo ito rito at mapamamahalaan ang lahat ng bagay at hindi ninyo magagawa iyon sa pamamagitan ng inyong kakayahang pantao. Subalit hindi iyon nangangahulugang mas mabuti ito kaysa sa inyo. Nauunawaan ba ninyo? Ito ay nilikha para sa iisang layunin na paglingkuran kayo. Kahit na tila mas magaling ito kaysa sa inyo, sa katotohanan ay hindi. Tama. Tama. Hindi ito kailanman magiging tao, ang computer. Tama. Kayo po, ginoo, kayo po, ginoo.

T. Gurong Ching Hai, gusto ko pong malaman... na sapagkat tayo ngayon ay nasa katawan... maaari po kayang nabigo tayo sa paglaya mula sa katawang ito noon? Lagi po ba tayong naririto sa katayuang ito o nakaraan na po ba tayo sa mas mabuting katayuan noon, o basta dito lamang sa katayuang ito? Ano po ba ang mabuting pagkilos o ang mabuting kapasiyahan upang mabilis na makasulong?

G. Ang iwan ang katawan at makasulong, ah huh. Oo, magagawa natin kung alam natin kung paano. Oo. Maraming iba' t ibang paraan upang iwanan ang katawan at lumisan tungo sa kabila ng daigdig

na ito. Ang iba ay hindi nakararating sa malayo, ang iba ay nakararating sa malayung-malayo, at ang iba ay nakararating sa dulo. Kaya, ayon sa paghahambing na ginawa ko sa iba' t iba kong pagsasaliksik simula noong bata pa ako, kahit na mukhang bata pa rin ako hanggang ngayon, ngunit bata pa ako noon, alam n' yo na. Ang aming pamamaraan dito ang pinakamahusay, oo! Nakararating ito sa pinakamalayo, sa pinakamalayo, sa malayong dulo. Marami pang ibang pamamaraan, kung pipili kayo upang maranasan, makapipili kayo. Marami niyon sa palengke, ang iba ay nagpupunta sa astral world, ang iba ay nagpupunta sa mas lalong malayo..., sa ikatlo o ikaapat, subalit hindi marami ang nakapupunta sa ikalima, oo. Kaya, ang aming pamamaraan, ang aming pagsasanay ay ang dalhin kayo sa ikalima bago namin kayo pakawalan. Nauunawaan ba ninyo? Hayaan kayong mag-isa. At paglampas niyon, malalapitan natin ang naiibang bahagi ng Diyos, paglampas ng ikalimang pamantayan, subalit hindi ito laging kasiya-siya, oo. Lagi nating naguguni-guni na mas mataas ay mas mabuti; hindi iyon laging tama. Halimbawa, kung minsan, nagpupunta tayo sa isang magandang palasyo at naaanyayahan tayo sa salang amo. Nauupo tayo roon at dinudulutan tayo ng malalamig na inumin at masarap na pagkain at lahat-lahat. At pagkatapos, naisip natin na bahagya pang pumasok sa kabahayan, upang magmasid. At mangangahas tayong pumasok sa lugar ng basura at malalaman natin ang marami pang ibang bagay sa loob ng bahay. Hindi iyon laging mahalaga. Hindi ba? At sa loob din ng lugar na pinagmumulan ng kuryente, alam n' yo na, papasok tayo sa loob ng bahay na pinagmumulan ng kuryente na nasa likod lamang ng bahay, paglampas sa bahay, nakuryente tayo at doon na tayo mamamatay. Kaya, hindi laging mahalaga o maipapayo na pumunta pa sa mas kaloob-looban, subalit maaari natin iyong gawin para sa pakikipagsapalaran. Oo, sige.

T. Gurong Ching Hai, may dalawa po akong katanungan. Ang isa ay, sa anong daigdig nagmumula ang mga alaalang nakaraang buhay? Kung kailangan ninyong magkaroon ng alaalang nakaraang buhay. At ikalawa, paano nauugnay sa karma ang mga nakaraang buhay?

G. Sa inyong kasalukuyan, tama? Sa inyong karma?

T. Sa kasalukuyang karma at sa kasalukuyang pangunawa ng isang tao? Ang mga ito ba ay bahagi ng labis na dala-dalahan?

G. Oo, oo. Magkaugnay na magkaugnay ang mga ito. Unang tanong, saan nagmumula ang karma ng nakaraan?

T. Mga alaala ng nakaraang buhay. Opo.

G. Maaari ninyong basahin ang talaan ng nakaraang buhay, tiyak iyon. At ang mga talaan ng nakaraang buhay, tulad ng sinabi ko sa inyo, ay nagmula sa akashic record. Oo. At ito ay isang uri ng aklatan sa ikalawang daigdig na malalapitan ng sinumang makararating doon. Hindi lahat ng tao ay makararating sa aklatan ng Magkakaanib na Bansa at makapapasok dito. Subalit ako ay makakapasok, halimbawa ngayon, sapagkay ako ay inanyayahang magsalita sa Magkakaanib na Bansa at makapapasok dito. Subalit ako ay makapapasok, halimbawa ngayon, sapagkat ako ay inanyayahang magsalita sa Magkakaanib na Bansa. Hindi ba? Hindi lahat ng tao ay makapapasok dito, subalit kayo ay maaari, sapagkat kayo ay halos dito na nakatira. Kaya, kaulad din niyon, kapag nagkaroon tayo ng karapatang makalapit sa ikalawang daigdig, mababasa natin ang nakaraang buhay, oo! Gayondin, kapag

nakalapit tayo sa unang daigdig, makasusulyap tayo sa nakaraang buhay ng isang tao. Subalit iyon ay hindi gaanong mataas at hindi gaanong kumpletong talaa. At paano nauugnay sa kasalukuyang karma ang mga karanasan ng nakaraang buhay na ito? Masasabi natin na ang mga ito ang mga karanasang natutunan natin upang makayanan natin ang kasalukuyang panahon ito ng buhay. Nauunawaan ba ninyo? Kung ano ang naunawaan ninyo sa nakaraan, isasagawa ninyo sa kasalukuyang panahong ito ng buhay. At katulad din nito, napakaraming di kasiya-siyang karanasan sa nakaraan ang tatakot sa inyo, kapag nakakita kayo ng ilang tanda na katulad na katulad ng nakaraang buhay... Halimbawa, kung noong nakaraang buhay... ngayun-ngayon lamang, nahulog kayo sa hagdanan, tama, aksidente, at lubha kayong nasaktan, at sa dilim, at walang tumulong sa inyo. At ngayon, kapag bumababa kayo sa hagdan, makadarama kayo ng bahagyang pagkatakot, lalo na kung matarik at madilim sa ilalim, makadarama kayo ng pag-aatubili kung magpapatuloy kayo o hindi. O kung sa nakaraang buhay ay na-aral na kayo o hindi. O kung sa nakaraang buhay ay nag-aral na kayo at marubdob na nagsaliksik sa larangan ng agham. Sa buhay na ito, matutuklasan ninyo na interesadung-interesado pa rin kayo... interesado sa... Ito ang nakakapilipit ng dila sa Chinese (Tawanan). Ipagpaumanhin ninyo. Malinaw pa ba ang English ko? Oo? (Tagapakinig: Opo) sige. Salamat po. Kaya madarama pa rin ninyo na kayo ay... halos binabatak pa rin kayo sa anumang pagsasaliksik na maka-agham, kahit halos hindi na kayo siyentipiko ngayon. Anumang uri ng bagay na katulad niyon. Ian ang dahilan kung bakit si Mozart, siya rin ay..., isang henyo noong apat na taong gulang pa lamang siya. Nagtuluy-tuloy siya sa piano at naging tanyag siya hanggang ngayon, tanyag pa rin. Hindi ba? Isa siyang henyo sapagkat nagsanay siya sa maraming iba pang panahon ng buhay hanggang sa pagiging dalubhasa (master-ship), subalit namatay siya pagkatapos niyon. Nauunawan ba ninyo? Bago pa man niya narating ang rurok ng kanyang matagumpay na buhay, namatay na siya at hindi siya nasisiyahang basta na lamang lumisan... na iwanan ang kanyang matagumpay na buhay sapagkat mahal niya ang musika. Kaya bumalik siya at lahat ng karanasang natutunan niya mula sa nakaraan niyang talino sa musika ay nagbalik sa kanya, sapagkat may napakasidhi siyang hangaring magpatuloy nang siya ay mamatay. Naunawaan ninyo? At ilan sa mga taong ito ay natuto nang maraming bagay mula sa astral world o sa ikalawang daigdig bago sila isinilang na muli sa daigdig na ito. Samakatwid, sila ay hindi kapani-paniwalang may likas na talino sa agham, o sa musika, o sa panitikan, o sa anumang uri ng imbensiyon, na hindi alam ng ibang tao. Nakita na ninyo, halos napakapambihirang imbensiyon na hindi maunawaan ng ibang tao at ni hindi makapangarap ng pag-imbento. Hindi ba? Sapagkat nakita na nila ang mga iyon, natutunan na nila ang mga iyon. Samakatwid, may dalawang uri ng pagkatuto sa daigdig na ito o sa kabilang daigdig. Ang mga likas na matalino at napakahusay, tulad ng mga henyo, sila ang mga dalubhasa mula sa kabilang daigdig, tulad sa astral world, ang ikalawang daigdig... kung minsan, mula sa ikatlong daigdig, kung pinili nilang bumalik. Tama? Napakahusay nila. Sila ay mga henyo. Hindi ba? Oo!

T. Ano po ang tiyakang kinakailangan sa Inyong pagmumulat at kapag mulat na ang isang tao, ano po ang kakailanganin sa araw-araw na pagsasanay?

G. Sige. Oo. Una sa lahat, lahat ng ito ay walang bayad at walang pagbibigkis na kakailanganin, maliban sa kailangan ninyong bigkisin

ang inyong sarili, kung nais ninyong magpatuloy nang mas malayo. Hmmm? Kaya, ang mga kundisyon – walang kinakailangang karanasan. Tama? Walang dating karanasan tungkol sa anumang yoga, o walang anumang kinakailangang pagninilay. Subalit kakailanganin ninyong italaga ang inyong sarili sa habang-buhay na pagkain ng gulay lamang at walang karne. Walang itlog. Puwede ang gatas. Puwede ang keso. Anumang bagay na walang pagpatay ay maaari. Hindi maaari ang itlog sapagkat nangangailangan din ito ng bahagyang pagpatay, kahit na ito ay... paano sasabihin ito... hindi malusog. Mayroon din itong katangiang magawi sa pag-akit ng kasalungat na kapangyarihan. Alam ninyo, iyan ang dahilan kung bakit marami sa larangan ng mga salamangkerong itim at puti, o maraming taong voodoo – ang tinatawag na voodoo, ang gumagamit ng itlog upang hugutin ang ilang entity mula sa mga taong inalipin. Alam ba ninyo ito o hindi? Alam ninyo? Oh, hindi kapani-paniwala iyan! Mayroon akong dagling katibayan man lamang, kung hindi man dagling kaliwanagan, para sa inyo. (Tawanan) At pagkatapos ng pagmumulat... sa panahon ng pagmumulat, naranasan ninyo ang liwanag at ang tinig ng Diyos. Hindi ba? Ang musika ng kaluluwa, hinihila kayo nito sa mas mataas na antas ng kamalayan. Mauunawaan ninyo ang bahagyang samadhi – ang matinding kapayapaan at kasiyahan. Oo. At pagkatapos noon, magpapatuloy kayo sa pagsasanay sa bahay, kung nagtototoo kayo. Kung hindi, hindi ko kayo maitutulak, hindi ko na kayo aabalahin. Kung magpapatuloy kayo at kung gusto ninyong tulungan ko kayo sa buong pagsasanay, magpapatuloy ako. Kung hindi kayo magpapatuloy... nakita na ninyo, iyan ang paraan. At dalawa at kalahating oras na pagninilay sa isang araw. Gumising kayo nang maaga sa umaga. Bago kayo matulog, magnilay kayo nang dalawang oras; at marahil, kalahating oras sa tanghalian.

Kapag wala ako rito upang magsalita, mayroon kayong isang oras para sa pananghalian. Maaari kayong magtago sa isang lugar at magnilay. Isang oas pa o kalahating oras. Sa umaga, bumangon kayo nang mas maaga ng isang oras. Pamahalaan pa ninyo nang maayos ang inyong buhay, alam n' yo na, mas kaunting TV, mas kaunting tsismis, mas kaunting pagtawag sa telepono, mas kaunting pagbasa ng pahayagan, samakatwid, magkakaroon kayo ng maraming oras. Oo, talagang marami tayong oras, ngunit kung minsan, sinasayang natin ang ating oras. Katulad lamang ng ating kotse na takbo nang takbo sa likod-bahay sa halip na pumunta sa Long Island, oo. Nasisiyahan na ba kayo roon? O...? Oo, at wala nang iba. Walang mga kundisyon para sa inyo, wala na maliban sa ilaan ninyo ang inyong sarili sa habang-buhay na pagsasanay. At araw-araw, mararanasan ninyo ang iba' t ibang himala sa inyong buhay, hindi dahil sa hinihiling ninyo ito. Mangyayari ito sa paano mang paraan. Nauunawaan ninyo? At pagkatapos, tunay ninyong mararanasan sa lupa kung ano ang langit, kung talagang seryoso kayo rito. Sa ganyan nananatiling nanangan sa akin pagkaraan ng maraming taon, sapagkat nagkakaroon sila ng pabutit nang pabuting mga karanasan, sapagkat seryoso sila rito at talagang nagsasanay sila.

G. Hmmm. Opo, sige po. Opo, sa harap o sa likod po lamang. Lalaki muna. (Tumawa ang Guro.)

T. Ipakipaliwanag po ninyo ang uri ng kamalayan.

G. Uri ng kamalayan, sige. Mahirap magpaliwanag ngunit maaari ninyong gamitin ang inyong talino upang maglarawan sa isip. Ito ay isang uri ng karunungan, alam ninyo, gaya ng may alam kayong

mas magaling kaysa noong dati. Oo, may alam kayong bagay na lampas sa daigdig na ito, at mayroon kayong alam sa daigdig na ito na hindi ninyo alam noon, at marami kayong nauunawaan na hindi ninyo nauunawaan noon at dati ninyong hindi nauunawaan. Iyan ang kamalayan. At kapag binuksan din ninyo ang kamalayang ito, o ang tinatawag na karunungan, mauunawaan ninyo kung sino talaga kayo at bakita kayo naririto at kung ano pa ang nasa kabila ng daigdig na ito, at sino pa, sa kabila o bukod sa ating mga makalupan mamamayan. Naunawaan ninyo? Maraming bagay. Samakatwid, ang antas ng kamalayan ay isang uri ng iba' t ibang antas ng pang-unawa, gaya ng pagtatapos sa kolehiyo. Habang natututo ka, lalong dumarami ang iyong nalalaman, hanggang sa pagtatapos. Nasisiyahan na ba kayo? Mahirap magpaliwanag ng isang bagay na mahirap unawain, subalit nagsikap ako. Ito ay isang uri ng kaalaman, alam ninyo. Mahirap ipaliwanag ang kamalayan. Kapag nagpunta kayo sa iba-iba, mas matataas na antas ng kamalayan, ang kaalama ninyo ay maiiba. Ibang bagay ang malalaman ninyo, iba ang madarama ninyo. Makadarama kayo ng ganap na kapayapaan, katiwasayan, kaligayahan. Wala kayong kabalisahan, at lahat ng bagay sa pang-araw-araw ninyong pamumuhay ay magiging malinaw sa inyo. Malalaman ninyo kung paano pamamahalaan nang mas mabuti ang mga bagay at kung paano iingatan nang mas mabuti ang mga problema. Hmmm? Kahit kapaki-pakinabang na ito sa makalupang antas. At sa inyong kalooban, ano ang nadarama ninyo – iyan ay kayo lamang ang nakakaalam. Mahirap ipaliwanag ang mga bagay na ito. Katulad lamang ito ng ikinasal kayo sa babaeng minamahal ninyo, ano ang nadarama ninyo – iyan ay kayo lamang ang nakakaalam. Hmmm? Walang ibang taong maaaring makadama nito para sa inyo. Oo.

T. Kagalang-galang na Guro, salamat po sa kabatirang ibinigay ninyo sa amin. Iniisip ko po kung nais ninyong ilaan ang inyong kakayahan sa bagay na nasa aking kunsensiya. Bakit po napakarami ng ayong mga guro sa mundo ang nagbibigay sa amin ng pagkakataong matuto agad, samantalang sa nakaraan, ito ay napakahirap? Maaari po ba kayong magsalita tungkol dito?

G. Oo, mangyari pa. Sapagkat sa ating panahon, ang paraan ng pakikipagtalastasan ay mas mahusay. Kaya mas marami tayong alam tungkol sa mga guro, hindi katulad sa nakaraan, na ang mga guro ay hindi buhay, o ang mga guro ay hindi malalapitan. Mangyari pa, totoo na may mga gurong mas madaling malapitan kaysa sa iba. Depende iyon sa kanyang pagpili, o sa kanyang kahandaang magbigay, o sa kanyang kaugnayan sa mga tao sa kabuuan. Subalit, sa bawat panahon, laging mayroong isa, dalawa, tatlo, apat, limang guro. Depende sa pangangailangan ng panahon. Higit lamang tayong may kaalaman sa pagkakaroon ng maraming iba' t ibang guro, marahil ay iba' t ibang antas ng mga guro sapagkat sa panahong ito, mapalad tayo sa pagkakaroon ng mass media, ng telebisyon, ng pagsasahimpapawid sa mga radyo, ng mga aklat, na inilalathala natin nang milyun-milyon, libu-libong milyong kopya sa madaling panahon. Oo. Noong mga unang panahon, pag gusto nating maglathala ng aklat, kailangan pa nating putulin ang isang buong punong-kahoy at sibakin ito sa pamamagitan ng mga katutubong palakol, na kaput sa madaling panahon at wala nang pakinabang sa ibang panahon, at kailangan pang pakintabin sa pamamagitan ng mga bato at ng lahat ng uring mga bagay, at ukiting paisa-isa ang mga salita. At kung gusto ninyong ilipat sa ibang lugar ang isang buong set ng mga Bibliya, kakailanganin pa ninyo ang isang hukbong taga-alalay. Nauunawaan ba ninyo? Malalaking truck, kung

mayroon na kayong truck sa panahong iyon. Kaya, iyan ang dahilan kung bakit marami tayong nalalamang mga guro. Nauunawaan ninyo? Oo, kaya mapalad kayo, napakabuti para sa inyo na kayo ay may... na makapamimili kayo, alam n' yo na, makapamimili kayo ng nais ninyo. Kaya walang sinumang makapandaraya sa inyo at magsasabing "Ako ang pinakamagaling." Oo, makapaghahambing kayo at magagamit ninyo ang inyong karunungan, katalinuhan upang magpasiya. "Oh, mas magaling ang isang ito" o "Mas gusto ko ang isang iyon". "Kakila-kilabot ang mukha." "Oh, ang isang iyon – pangit." (Tawanan)

T. Kung gayon, ang katanungan ko po ay ito, yayamang nangusap kayo tungkol sa pamimili, maisasaalang-alang po ba ninyong imulat ang isang taong naimulat na ng ibang guro?

G. Oo, kung... at kung lamang, ang taong iyon ay totoong naniniwala na higit akong may kakayahang dalhin siya sa mas mataas na antas at mas mabilis. Kung hindi, mas makabubuti pang manatili na lamang siya sa sarili niyang guro kung lubos pa rin siyang nakatali at higit na naniniwala sa gurong iyon. Kung naniniwala kayo na ang inyong guro na ang pinakamagaling, huwag na kayong magpalit ng guro. Kung mayroon pa kayong alinlangan at kung hindi pa ninyo natatamo ang liwanag at tunog na aking binanggit, dapat pa ninyong subukang humanap ng ibang guro. Oo, sapagkat ang liwanag at ang tunog ang saligang paraan ng pagsukat para sa tunay na guro. Ang sinumang guro na hindi makapagbibigay sa inyo ng dagling liwanag o tunog ay hindi isang tunay na guro, ikinalulungkot kong sabihin. Ang daan patungo sa langit ay nilagyan ng mga kasangkapang liwanag at tunog. Katulad lamang ito ng pupunta kayo sa dagat upang sumisid, kailangan ninyong magkaroon ng mga kasangkapang maskara ng oxygen at iba pang gayon. May mga bagay para sa iba' t ibang layunin. Tama? Iyan ang dahilan kung bakit nakikita ninyong may sinag sa ulo ang lahat ng mga santo. Iyon ang liwanag. Kapag isinagawa ninyo ang pamamaraang ito, makapamamanaag kayo ng gayon ding liwanag gaya ng iginuguhit nila sa larawan ni Jeses, at nakikita ito ng mga tao. Kung ang mga tao ay psychic, alam ninyo, makikita nila si Jeses nang may sinag sa ulo at iginuguhit nila ang Buddha nang may liwanag sa paligid. Makakakita kayo ng mga dalubhasa, na nasa mataas na antas, na may ganitong liwanag kung kayo ay mulat. (Itinuro ng Guro ang kanyang noo.) Maraming tao ang makakakita niyon. Mayroon na ba sa inyong naririto ngayon ang nakakita na niyon? Kayo po? Ano po ang nakita ninyo?

T. Buweno, nakakakita ako ng mga aura, mga aura...

G. Oo, subalit ang mga aura ay kaiba sa liwanag. Ang mga aura ay iba' t ibang kulay, kung minsan ay itim, kung minsan ay kulay-kape, at kung minsan ay dilaw o pula. Depende sa ugali niya sa oras na iyon. Subalit kapag nakakita kayo ng isang taong may makapangyarihang aura ng kaluluwa, alam ninyo na ito ay iba. Hindi ba? Oo.

T. Wala po akong talagang katanungan. Gusto ko lamang pong... dati po akong nagsasagawa ng raja yoga.

G. Raja yoga. Oo.

T. At sa palagay ko ay nakakita na rin po ako ng mga aura. Ang ibig ko pong sabihin, noong panahong iyon, wala pa po akong gaanong kaalaman, alam ninyo...

G. Nauunawaan ko.

T. Pang-unawa.

G. At hindi ninyo ito nakikita ngayon? Paminsan-minsan lamang ninyo ito nakikita?

T. Hindi po, hindi na po ako nagninilay ngayon.

G. Oh, kaya, naiwala ninyo ang inyong kapangyarihan. Dapat uli kayong magnilay, huh?

T. Opo!

G. Kung naniniwala pa rin kayo sa landas na iyon, dapat kayong magnilay. Natutulungan kayo nito sa ilang paraan. Hindi ito makapipinsala. Tama?

T. Nakita ko po sa inyong polyeto na mayroong limang panuntunan. Kapag namulat na po ba kayo, kakailanganin po ba ninyong mamuhay nang alinsunod sa limang panuntunang ito?

G. Opo, opo, opo. Ang mga ito ang batas ng sandaigdigan.

T. Hindi ko po maunawaan ang maling pag-uugali tungkol sa sex.

G. Ang ibig sabihin po nito, kung mayroon na kayong asawa, huwag na po kayong magturing ng pangalawa.

T. Sige po. (Tawanan ang mga nakikinig.)

G. Napaka-simple. Panatilihin ninyong higit na simple ang inyong buhay, walang kaguluhan att pakikipagtalo sa damdamin. Oo. Nakasasakit iyan sa damdamin ng ibang tao. Hindi natin sinasaktan ang ibang tao, maging damdamin man. Iyon ang ibig sabihin niyon. Sikapin nating iwasan ang kaguluhan, sikaping iwasan ang pagdurusa, ng damdamin, ng katawan, ng isip ng bawat tao, lalung-lalo na ang ating mga minamahal, ganoon lang. Tama ba? Kung mayroon na kayong iba, huwag ninyong sabihin sa inyong asawa. Mas masakit kapag sinabi ninyo. Basta lutasin na lamang ninyo ito nang unti-unti at tahimik, at huwag ninyong ikumpisal ito sa kanilang asawa, ay nakagagawa na sila ng bagay na napakatalino at napakatapat. Walang kabuluhan iyon. Hindi mabuti iyon. Nagkamali na kayo, bakit iuuwipa ninyo ang basura at hahayaang tamasahin ito ng iba? Kung hindi niya alam ang tungkol dito, hindi gayon kasama ang madarama niya. Nauunawaan ba ninyo? Ang pagkabatid sa katotohanan ay nakasasakit. Kaya sikapin nating lutasin ang problemang iyon at huwag na uli nating gawin. Mas makabubuting huwag na nating sabihin sa ating asawa ang tungkol dito, sapagkat masasaktan lamang sila. Oo!

T. Napansin ko po na maraming gurong espirituwal ang may kahanga-hangang ugaling mapagpatawa. Ano po ang kaugnayan ng pagpapatawa sa pagsasanay ng pangkaluluwa?

G. Oh, naiintindihan ko. Sa palagay ko ay dahil lamang sa maligaya sila, at mahinahon, alam n' yo na, at masayahin tungkol sa lahat ng bagay. At natatawanan nila ang kanilang sarili at natatawanan nila ang ibang tao, nakatatawa sila sa mga katawa-tawang bagay sa

daigdig na ito samantalang ang ibang tao ay masidhing kumakapit at sini-seryoso ito. Kahit papaano, pagkatapos nating magsanay, nakakawala tayo. Alam ninyo, hindi na tayo nakadarama ng pagiging sobrang seryoso. Kung mamamtay tayo bukas, mamamatay tayo; kung mabubuhay tayo, mabubuhay tayo, alam n' yo na. Kung naiwala natin ang lahat ng bagay, naiwala natin ang lahat ng bagay; kung mayroon tayo ng lahat ng bagay, mayroon tayo ng lahat ng bagay. Oo, magkakaroon tayo ng sapat na karunungan at kakayahan pagkatapos ng kaliwanagan upang mapangalagaan ang ating sarili sa lahat ng katayuan. Kaya hindi tayo matatakot sa anumang bagay. Naiwawala natin ang ating pagkatakot, naiwawala natin ang ating pagkabalisa. Iyan ang dahilan kung bakit tayo mahinahon, nadarama nating napuknat na tayo sa daigdig na tao. Anuman ang nakamit natin o naiwala ay hindi na gaanong mahalaga sa atin. Kung nagkamit tayo ng maraming bagay, ito ay para lamang sa kapakanan ng maraming tao, at inihahandog natin ito; at para sa kapakanan ng mga minamahal. Kung hindi, hindi natin itinuturing ang ating sarili o ang ating buhay na gayon kahalaga upang danasin ang lahat ng mga pakikibaka at pagdurusa upang mapanatili ito. Kung napanatili natin ito, tama lamang iyon. Hindi ito nangangahulugang maghapon tayong nakaupo sa kama at nagninilay. Kailangan nating magtrabaho, nauunawaan ba ninyo? Halimbawa, nagta-trabaho ako, huh! Gumuguhit akong larawan, at gumagawa ng mga yari-sa-kamay upang kumita ng aking ikabubuhay. Kaya ayokong tumanggap ng limos mula sa ibang tao. At maging ang aking kinikita ay napakalaki upang makatulong ako sa mga tao. Natutulungan ko ang mga takas, ang mga biktima ng malalaking sakuna ng pangkalikasan at iba pa. Bakit hindi tayo magtatrabaho? Subalit mayroon tayong napakalaking talino at kakayahan, at ang buhay ay napakadali para sa atin pagkatapos ng kaliwanagan kaya nadarama nating basta wala tayong dapat ikabahala. Nauunawaan ba ninyo? Mangyari pang basta na lamang tayo magiging mahinahon. Sa ganyan isinilang ang ugaling mapagpatawa. Sa palagay ko, ganoon iyon, huh? Nakakatawa ba ako para sa inyo? (Tagapakinig: Opo) (Tawanan at palakpakan.) Oo (Tumawa ang Guro). Kung gayon, marahil... isang uri ako ng guro, huh? (Tawanan.) Sige. (Tumawa ang Guro.) Sana nga, alang-alang sa inyo, huh, para hindi naman kayo nag-aaksaya ng dalawang oras na pakikinig sa isang taong hindi naliwanagan. Sige. Mayroon pa bang tanong?

T. Gurong Ching Hai, pambihira po ang dami ng mga tanong na nag-uumapaw sa aking isipan. At sasabihin ko lamang pong lahat ang mga iyon, at maaari ninyong sagutin ang alinman o wala sa mga iyon.

G. Sige. Isandaan at walo.

T. At ang mga katanungang ito ang ating laging itinatanong, bilang mga kaluluwang naghahanap, at ang nakukuha nating sagot ay pawang mga teoriya at mga kuwento, at gusto ko lamang pong marinig kung ano ang masasabi ninyo tungkol sa mga ito. Ang una ay "Sino tayo? Sino ako? At paano ako nalagay sa mahigpit na katayuang kailangan kong makabalik pauwi?" Alam n' yo na, paano ako umalis at bakit mahalagang ako ay muling makabalik? At binanggit ninyo ang tungkol sa pagbalik sa ikalimang kaharian, at tungkol sa hindi talagang kinakailangan ang makarating nang higit pa kaysa roon. Subalit kung mayroon pang mas higit kaysa roon, para ano ang layunin nito kung gayon? Ano ang kaugnayan nito sa akin kung hindi ko kinakailangang makabalik doon? Ang mga uring iyon ng katanungan?

G. Sige, isa-isa muna. Sige, sa palagay ko ay sasagutin ko mina ang grupo ng mga katanungang ito. Ang unang grupo ay kinabibilangan ng "Sino ka? Bakit ka naririto at Bakit kailangan mong umuwi? at Bakit ang ikalima at hindi ang ikaanim?" Tama? Simple. Nakakatawa na ngayon ito. (Tawanan at palakpakan.) Sige.

Hinggil sa katanungang "Sino ako?", maaari kayong magsadya at magtanong sa guro ng Zen, na totoong marami sa estado ng New York. Maaari kayong tumingin sa yellow pages at humanap ng isa (Tawanan). Hindi ako dalubhasa riyan. At ang ikalawa, "Bakit ka naririto?" Marahil, sapagkat gusto mong naririto ka, hmmm? Dahil kung hindi, sino ang makapipilit sa ating mapunta rito samantalang tayo ang mga ng Diyos. Ang tinatawag na mga anak ng Diyos ay para na ring Diyos mismo. Hindi? Ang isang prinsipe ay katulad ng hari, oo, sa ilang pananaw, o humiit-kumulang na parang hari, o ang hari sa hinaharap. Kaya, kung kailan lamang niya naising mapunta sa isang lugar, saka lamang siya mapupunta roon. Hmmm? Kahit papaano, mayroon tayong malayang kagustuhan upang pumiling mapunta sa langit o mapunta sa iba pang lugar upang maranasan ito sa ating sarili. Ganoon, marahil ay pinili mong maging naririto sa simula pa lamang, maraming panahon na ang nakararaan, upang matuto ng ilang bagay na mas mapanganib, alam n' yo na, ng ilang bagay na mas nakakatakot. Alam ninyo, ang ilang tao ay mahilig sa mga nakakatakot na karanasan. Halimbawa... ang prinsipe, alam ninyo, maaaring nasa palasyo siya subalit maaari ring nagpapagala-gala siya sa kagubatan. Sapagkat mahilig siyang maggalugad sa kalikasan. Maaaring ganoon. Hmmm? Maaarng yamot na yamot na tayo, nayayamot na tayo sa langit, sapagkat lahat ng bagay ay nakahanda na at nakahain na s amga pintuan ng ating palasyo, kaya gusto nating gumawa ng mga bagay para sa ating sarili. Katulad ng lamang ng maharlikang pamilya, kung minsan, gusto nilang magluto para sa kanilang sarili at ayaw nilang nasa malapit ang kanilang mga utusan. At binabahiran nila ng ketchup ang kanilang sarili at ng mantika ang buong paligid subalit gusto nila ito, alam ninyo. Hindi ito bagay sa prinsipe pero gusto nila ito. Oo, oo, oo. Kaya halimbawa, mayroon akong mga taong nagmamaneho para sa akin. Saan man ako magpunta, gusto ng mga tao na maging tagapagmaneho ko sila. Subalit kung minsan, gusto kong magmaneho para sa sarili ko. Minamaneho ko ang aking munting tricycle, hindi umuusok na tricycle, oo, isinasaksak sa kuryente, sampung milya bawat oras, hindi, sampung kilometro bawat oras. Gusto kong maglibot nang gayon. Oo? Sapagkat saan man ako magpunta, gusto kong magpunta sa ilang lugar na walang nakakakilala sa akin. Napaka-mahiyain ko maliban na lamang kung kinakailangan kong magsalita sa isang panayam, sapagkat naging parang tungkulin ko na ito ngayon mula nang matuklasan ako ng mga tao at patanyagin ako hanggang ngayon. Hindi ako makatakas nang madalas subalit kung minsan, alam ninyo, talagang tumatakas ako nang mga dalawa hanggang tatlong buwan. Alam n' yo na, parang isang pinalayaw na maybahay na tumatakas sa kanyang tao. Kaya, nakita na ninyo, iyon ang aking pinili. Kaya marahil, pinili ninyo ang sandaling maging naririto. At marahil, panahon na ngayon na naisin ninyong humayo sapagkat sapat na ang natutunan ninyo sa daigdig na ito, at nadarama ninyo na wala na kayong nais pang matutunan, at pagod na kayo sa paglalakbay. Gusto na ninyong magpahinga. Umuwi kayo, magpahinga muna kayo. At pagkatapos, tingnan ninyo kung gusto pa ninyong humayo o hindi na, sa isang mapanganib na paglalakbay. Tama na ba? Iyan lamang ang masasabi ko hanggang sa ngayon. At bakit kailangan ninyong

umuwi? At bakit ang ikalima at hindi ang ikaanim? Nasasa-inyo iyon. Pagkatapos ng ikalima, maaari na kayong pumunta kahit saan ninyo gusto. Marami pang mga antas na pataas. Nauunawaan ba ninyo? Subalit mas maginhawa lamang, mas walang-takda ang manatili doon. Masyadong makapangyarihan, ang umakyat pa, marahil ay gayon. Makapupunta kayong sandali, subalit marahil ay hindi ninyo nanaisin ang magpahinga, halimbawa. Halimbawa, ang inyong bahay ay maganda, subalit ang ilang bahagi ng bahay ay silid-pahingahan at hindi ninyo nanaising magpahinga roon sa habang panahon, kahit na iyon ay nasa kabila ng inyong bahay. Alam ninyo, ito ay parang sa itaas ng burol at mas mataas ay mas maganda, subalit hindi iyon ang lugar upang magpahinga. O sa departamento sa kuryente ng inyong bahay, ang generator – maingay, malakas, init, mainit at, alam n' yo na, mapanganib. Kaya hindi ninyo nanaising naroroon kahit na napakalaking tulong nito para sa inyong bahay. Nauunawaan ba ninyo? Iyon lamang. Maraming mga bahagi ng Diyos na hindi natin mailalarawan sa isip. Lagi Nating nahihinagap na habang mas mataas ang ating pinupuntahan ay mas higit ang pagmamahal. Subalit ang pagmamahal ay maraming uri. Alam ninyo, may pagmamahal na marahas, pagmamahal na malakas, katamtamang pagmamahal, walang-kinikilingang pagmamahal. Kaya depende iyon kung ano ang ating makakayanan, bibigyan tayo ng Diyos ng iba' t ibang antas ng pagmamahal. Tama. Iba' t ibang antas, mag-alay ng iba' t ibang antas ng pagmamahal mula sa Diyos. Tama? Subalit kung minsan, ito ay napakalakas, nadarama nating... nadarama nating tayo ay ginugutay sa mahahaba at makikitid na pilas.

T. Hi. Nakakakita ako ng napakalaking pagkawasak na nagaganap sa aking kapaligiran, pagkawasak ng kapaligiran.

G. Totoo.

T. Kalupitan. Kalupitan sa mga hayop.

G. Totoo iyon.

T. Naiisip ko lamang po kung paano ninyo napupuna ito at ano ang maimumungkahi ninyo sa mga taong nagsisikap na mapalaya ang kanilang sarili mula sa daigdig na ito sa kaugaliang pangkaluluwa, upang matulungan silang mapagtagumpayan ang kanilang kapaligiran at mapagtagumpayan ang lahat ng pagkawasak na nagaganap sa kanilang kapaligiran. At sa palagay po ba ninyo ay sapat na ang paglampas sa daigdig na ito upang mapagtanto natin kung ano ang ating iniiwan, o nadarama po ba ninyo na tayo, sa pamantayang ito, ay may tungkuling magsikap upang mapagbawa ang pagdurusa? At may magagawa po ba itong kabutihan?

G. Mayroon. Mayroon. Para sa atin man lamang, para sa ating kunsensiya upang madama natin na tayo ay may ginagawa at ginawa natin ang pinakamabuti nating magagawa upang mapagaan ang pagdurusa ng kapwa natin nilalang. Gayon din ang ginagawa ko. Anuman ang hilingin ninyo, ginagawa ko. Ginawa ko, ginagawa ko, at gagawin ko. Nasabi ko na sa inyo, ang aming pondong salapi ay ipinalalaganap sa iba' t ibang mga samahan, kung minsan, sa iba' t ibang mga bansa kung sila ay nasa malalaking kapahamakan. At ayaw kong magyabang tungkol dito, subalit yayamang itinanong ninyo... At halimbawa, nagbigay kami ng isang milyong dolyar ng US sa Pilipinas noong isang taon para sa paglaya ng kanilang... bilang tulong upang mapagaan ang kanilang pagdurusa dahil sa

pagputok ng Bulkang Pinatubo. At tinulunan namin ang mga biktima ng baha sa Vietnam, at ang mga biktima ng baha sa hina, atbp. At nagsisikap kaming matulungan ang mga takas na Vietnamese upang mapaginhawa... upang... upang makatuling sa pagpapabawa ng pasanin ng Magkakaanib na Bansa, nauunawan ba ninyo, kung gugustuhin ng Magkakanib na Bansa na tumulong kami. Subalit nagsisikap kami. Oo, nauunawaan na ninyo ngayon? Tinutulungan namin sila sa pamamagitan ng tulong na salapi, at maaari rin namin silang maihanap ng bagong tirahan kung papayagan itong mangyari ng Magkakaanib na Bansa – nang may bendisyon ng Magkakaanib na Bansa. Nauunawaan ba ninyo? Oo, samakatwid, ginagawa namin ang lahat ng bagay na hiniling ninyo at dahil na rin sa yayamang naririto kami, nauunawaan ninyo, maaari rin naming linisin nang gayon ang aming kapaligiran hangga' t maaari. Samakatwid, nakatutulong kami sa pagbabawas ng pagdurusa at nakatutulong kami sa pamantayang pangkaisipan ng daigdig. Oo? Kapwa pangkaluluwa at pangkatawan. Oo. Sapagkat may mga tao na ayaw tumanggap ng kabanalan mula sa akin. Tulong na pangkatawan lamang ang nais nilang tanggapin. Kaya binibigyan namin sila ng tulong na pangkatawan. At iyan ang ginagawa namin, iyan ang dahilan kung bakit kailangan kong kumita ng pera. Iyan ang dahilan kung bakit ayaw kong mabuhay sa abuloy ng mga tao. Nauunawaan ninyo? Lahat ng aking mga monghe at mga alagad ay kinakailangang magtrabaho, tulad ng ginagawa ninyo. At pagkatapos, bukod doon, tumutulong din kami sa pangkaluluwa, naunawaan ninyo, at tumutulong sa pagbabawas ng pagdurusa ng daigdig, tumutulong upang mapagaan ang pagdurusang daigdig. Kailangan naming gawin ito. Hindi nangangahulugang maghapon kaming nauupo sa samadhi at naglilibang sa sarili. Napakamakasariling Budda (naliwanagang nilalang) naman iyon.

Ayaw namin siyang tanggapin dito. (Tawanan.)

Ang Susi ng Dagling Kaliwanagan

T. Mayroon na lamang po akong isa pang katanungan. Iniisip ko po kung may nalalaman kayo... nakarinig po ako ng maraming ulat na ang Dali Lama ay kumakain ng karne at iniisip ko lamang po kung alam ninyo kung totoo ito at kung paano niya pangangatwiranan ito.

G. Hindi ko po alam kung bakit sa akin ninyo itinanong iyan, siya po ang dapat ninyong tanungin.

T. Iniisip ko lamang po kung narinig na ninyo ang tungkol dito o kung may nalalaman kayo tungkol dito.

G. Alam ninyo, ayaw na ayaw ko pong magsalita tungkol sa ginagawa ng ibang tao, lalo na kung wala rito ang taong iyon upang maipagtanggol ang kanyang sarili; sakaling ang mga bagay ay hindi katulad ng pagkaunawa natin. Tama, ipagpaumanhin po ninyo. Siya ay isang kaibig-ibig na tao sa abot ng kanyang kakayahan. At ang anupamang bagay ay sarili niyang pananagutan at pamimili sa buhay.

T. Salamat po, Gurong Ching Hai, sa pagtitiyaga ninyo sa amin ngayong araw na ito, (Guro: Walang anuman.) sa pagsagot ninyo sa aming mga katanungan at sa pagiging mapagbigay. Nangusap po kayo tungkol sa isang antas kung saan ang isang tao ay may kamalayan na siya ay may kapangyarihang nagmumula sa kamalayang iyon. Ngayon, paano po kung kayo ay may kamalayan tungkol sa mga kapangyarihang iyon, hindi ninyo alam na taglay

ninyo ang mga iyon subalit namamalayan ninyo na mayroon kayo niyon. Maaaring madama pa ninyo na mayroon nga kayo niyon. Paano ninyo nilalapitan o hindi nilalapitan ito? Kung hindi ninyo ito lalapitan, paano kayo hindi mayayamot sa pamamaraang nagaganap sa paligid? Tulad ng nakikia ninyong ang pamamaraan ay nagiging mabagal at makamundo samantalang alam ninyo na maaari kayong basta magdasal na lamang o gumawa ng iba pa upang maging sanhi ng mas mahusay at mas mabilis na kalutasan.

G. Oo, nauunawaan ko.

T. Ano po ang ibig sabihin nito at paano ito malalapitan ng isang tao nang may mabuting kapalarang ito ay lalabas na tama? Naunawaan po ba ninyo ang ibig sabihin?

G. Naunawaan ko, naunawaan ko. Ang ibig ninyong sabihin ay kung tayo ay may kapangyarihang baguhin ang mga bagay at kung ang mga bagay sa paligid ay naging bureaucratic at mabagal, paano kayo magiging matiyagang tiisin ito, tama? O basta magdarasal lamang ba kayo o magsasalamangka o ituturo ang isang daliri at itutulak ito? Hindi, mayroon akong pasensiya dahil kailangan nating gumawa nang sabay sa lakad n daigdig na ito upang hindi natin ito maihatid sa kaguluhan. Oo. Halimbawa, hindi kaya ng isang bata ang tumakbo. Hindi dahil sa nagmamadali kayo o gusto ninyong tumakbo kaya nadapa ang bata at bumagsak dahil sa pagtakbo ninyo. Kaya dapat tayong magpasensiya. Kahit na mayroon tayong kakayahang tumakbo, lumalakad tayong kasabay ng bata, oo. Iyan ang dahilan kung bakit minsan ay nasisiphayo rin ako at nayayamot subalit kailangan kong turuan ang aking sarili na maging mapagpasensiya. Iyan ang dahilan kung bakit kailangan kong iyuko ang aking ulo sa bawat pangulo alang-alang sa mga takas, kahit nais naming dagdagan ang lahat ng tulong na salapi. Ibibigay namin ang lahat ng mayroon kami, lahat-lahat, milyun milyong dolyar, o maging bilyun-bilyon. Kinakailangan naming sumailalim sa sistemang bureaucratic. Ibigay kay Caesar ang para kay Caesar. Nauunawaan ba ninyo? Hindi ko gagamitin ang aking ulo o ituturo ang aking daliri sa Magkakaanib na Bansa o patatakbuhin sila. Hindi, hindi. Makalilikha tayo ng malaking kapahamakan sa daigdig kung gagamit tayo ng kapangyarihan ng katawan, ng salamngka. Nauunawaan ninyo? Dapat itong maganap sa paraang ito ay nagaganap. Subalit maitataas natin ang kamalayan ng mga tao sa pamamagitan ng pangkaluluwang karunungan, pang-unawa. Ibigay sa kanila ang kaalaman na nakalaan silang gawin ito, at makipagtulungan, naunawaan ninyo? Iyan ang pinakamabuting paraan, ang huwag gumamit ng kapangyarihan ng salamangka sa anumang bahagi ng buhay. Subalit ang mga himala ay basta na lamang nagaganap sa paligid ng mga dalubhasa sa pangkaluluwa. Sadyang likas lamang iyon, hindi sinasadya. Nauunawaan ba ninyo? Ang hindi pagpipilit na maitulak ang mga bagay. Oo, hindi iyon mabuti. Hindi kaya ng bata ang tumakbo. Tama ba? Nasisiyahan na po ba kayo sa sagot ko? Kung hindi po kayo nabigyang kasiyahan ng mga sagot ko, mangyari po lamang na ipaalam ninyo sa akin, sapagkat maaari pa po akong magpaliwanag. Subalit nagtitiwala po ako na napakatatalino ninyo, bilang siyang pinakapili at pinakamatatalinong tao sa lahat ng mga nasyon. Kaya hindi na ako nagpaliwanag na mabuti, opo. May mga katanungan pa po ba? Opo, sa likod po. Mabuti na lamang at mayroon tayong Magkakaanib na Bansa, dapat kong sabihin, maiba ako. Opo, opo. Naaalis natin ang marami sa mga pagsasalungatan at digmaan sa daigdig kahit na hindi natin lubusang nababawasan. Subalit nabasa ko ang mga

aklat ninyo tungkol sa Magkakaanib na Bansa. Ang bawat isa ay Magkakaanib na Bansa. At nasundan ko na ang ilan sa mga gawa ng Magkakaanib na Bansa. At nararapat kong purihin ang pagsisikap at kahusayan nito sa pagliligtas ng mga bihag na panagot na hindi mailigtas ng ibang tao, na hindi mailigtas ng lahat ng kapangyarihan sa daigdig at isang kinatawan lamang ng Magkakaanib na Bansa ang nakagawa nito. Oo, at maraming iba pa na may kinalaman sa pagsaklolo sa malalaking kapahamakang pangkalikasan, sa mga suliranin tungkol sa mga takas. Mayroon kayong mga labindalawang milyong mga takas, nabalitaan ko, pananagutan. Hindi? Malaking trabaho iyan, at ang mga digmaan at lahat-lahat na. Kaya mabuti na lamang at mayroon tayong Magkakaanib na Bansa, oo! Napakabuti.

T. Salamat po, Gurong Ching Hai, sa pagbabahagi Ninyo sa amin ng Inyong kaaalaman. May tanong po ako. Tungkol po ito sa tumataas na populasyon ng daigdig at ang kaakibat nitong suliranin tungkol sa lalo pang pagmamalabis sa kapaligiran at sa lumalaki pang pangangailangan sa pagkain. Gusto po ba ninyong magsalita tungkol sa tumataas na populasyong ito ng daigdig? Ito po ba ay isang karma ng daigdig? O ito po ba ay makalilikha sa hinaharap ng isang uri ng karma?

G. Ummm, ang magkaroon ng maraming tao sa daigdig na ito ay napakabuti rin. Bakit hindi? Mas siksikan, mas maingay, mas masaya. Hindi? Ito ay hindi talagang dahil sa sobra na ang populasyon natin. Nagsisiksikan lamang tayo sapagkat hindi pantay-pantay ang ating pagkakalaganap. Ang mga tao ay nagsisiksikan sa ilang bahagi lamang ng daigdig at ayaw lumipat sa ibang bahagi. Iyon lang. Oo, marami tayong malalawak na bahaging kaparangan na hindi pa nagagamit. Maraming mga basal na pulo, maraming malalawak na... alam n' yo na, talampas na berdeng-berde lamang sa kagubatan at wala na. Ummm, sa New York lamang gustong magkatipun-tipon ng mga tao, halimbawa (Tawanan) sapagkat mas masaya rito. Oo, sapagkat kung ang isang pamahalaan o ang anumang pamahalaan ay may kakayahang makalikha ng gmnga hanapbuhay, nauunawaan ninyo, at industriya... at iba' t ibang uring hanapbuhay sa iba' t ibang lugar, ang mga tao ay doon pupunta upang maghanapbuhay. Nagsisiksikan lamang sila sa ilang lugar sapagkat mas madaling makakita ng hanapbuhay doon, o ngg kaligtasan. Kung ang kaligtasan, katiwasayan at pagkakataong makapaghanapbuhay au iniaalok ang sarili sa iba' t ibang mga lugar na iyon, pupuntahin doon ang mga tao. Pupunta sila para sa kanilang katiwasayan, para sa kanilang ikabubuhay. Natural na natural lamang iyon. Oo? Kaya, hindi natin dapat katakutan ang tungkol sa sobrang populasyon. Mas dapat pa tayong maging organisado upang mabigyan ang mga tao sa daigdig na ito ng mas maraming kapakinabangan tulad ng pagkakataong makapaghanapbuhay at ng pabahay at ng katiwasayan. Sa gayon, ang lahat ng bagay ay magiging pareho. Hindi magiging sobra ang ating populasyon. At tungkol sa inyong katanungan hinggil sa pagkain, mas dapat na kayo ang nakakaalam. Sapagkat sa Amerika, napakarami nating kabatiran tungkol sa kung paano napangangalagaan ang daigdig. Ang pagkaing walang karne ay isa sa mga pinakamahuhusay, upang mapangalagaan ang kayamanan ng daigdig, upang mapakain ang buong populasyon ng mundo. Sapagkat napakarami nating sinasayang na mga pagkaing walang karne, kakayahan, kuryente, gamot, upang mag-alaga ng mga hayop. Nauunawaan ba ninyo? Na sa pamamagitan nito ay tuwirang mapapakain ang ibang tao. At maraming bansa na kabilang sa ikatlong daigdig, ipinagbibili nila

ang kanilag mayaman-sa-protinang pagkaing walang karne sa mas mababang halaga. Subalit iyon ay hindi nakatutulong sa mga populasyon ng ibang mga bansa sa daigdig. Kung pantay-pantay nating ipamamahagi ang lahat ng pagkain at makatutulong dito ang pagkaing gulay at walang karne, hindi lamang sa ating sarili, hindi lamang sa mga hayop, kundi maging sa buong mundo. Isa sa mga pagsasaliksik tungkol sa... mga magasin, sinabi na nila na kung gusto... kung ang bawat isa sa... paano sasabihin ito... Oh, noong nakaraan, noong nasa Magkakaanib na Bansa ako, binanggit ko na iyan. Nakalimutan ko. Kung kakain tayo ng pagkaing walang karne at puro gulay lamang, ang daigdig ay hindi na magugutom pa. At kailangan din natin mag-organisa, oo, mag-organisa. May kilala akong tao, ang darak ay nagagawa niyang masarap na pagkain at maging gatas. At nag-usap kami tungkol doon noong nakaraan. Sinabi niyang gumastos siya ng mga tatlundaang libong dolyar at makapagpapakain siya ng anim-na-raang libong mga tao sa Ceylon – ang mahihirap, ang mga kulang sa pagkain, ang mga ina, at lahat ng iyon. Oo, hindi ito kapani-paniwala. Sapagkat ang ginagawa natin sa maraming panig ng daigdig, iyon ay ang sinasayang natin ang likas na kayamanan, hindi dahil sa wala tayong sapat. Hindi tayo ilalagay dito ng Diyos para lamang magutom. Sa katotohanan, tayo ang gumugutom sa ating sarili. Kaya kailangan nating mag-isip na muli... mag-isip na muli, mag-organisang muli, at iyon ay mangangailangan ng basbas ng mga pamahalaan ng maraming bansa. Dapat nila tayong basbasan ng kanilang ganap na katapatan, kalinisan at, nauunawaan ninyo, dangal, at ang kagustuhang mapag-lingkuran ang mga tao sa halip na mapaglingkuran ang kanilang mga sarili. Kung mayroon tayong basbas na ito ng mga pamahalaan ng lahat ng mga bansa, nauunawaan ninyo, wala talaga tayong problema. Walang problema. Kailangan nating magkaroon ng mabuting pamumuno, mabuting pagsasaayos ng pangkabuhayan at mga namumunong talino at mga tapat na pamahalaan. Subalit iyon ay darating nang mas mabilis kung ang maraming tao, o karamihan sa mga tao o lahat ng mga tao ay magiging espirituwal. Pagkatapos, mababatid nila ang disiplina. Mababatid nila ang mga panuntunan. Pagkatapos, mababatid nila kung paano magiging tapat at magiging malinis. At mababatid nila king paano gagamitin ang kanilang kaalaman. At maiisip na nila ang maraming mga bagay na dapat gawin at maisasaayos na muli ang ating pamumuhay. Nauunawaan ba ninyo? Kung hindi, kung tatakbo lamang kayo para sa kapangyarihan na taglay ang inyong pera sa bulsa o ang perang nasingil mula sa mga mamamayan at pagkatapos ay susubukan ninyong muling likumin ang perang iyon bago kayo mawalan ng kapangyarihan, hindi talaga makatutulong iyon. Kahit maupo pa kayo sa minahan ng ginto, bale wala parin iyon, mamamatay pa rin at yong lahat sa kahirapan. Ang mga pinuno ng maraming nasyon ay dapat magkaroon ng kamalayan sa kanilang kapangyarihan at pananagutan. Dapat nilang isipin ang mga tao, muling organisahin ang sistema. Uh! Opo.

T. Waring napakahirap niyan sapagkat tulad ng pagkakita ko, karamihan sa... gaya ng pagkaunawa ko, karamihan sa pagmamalabis ng ayon sa kapaligiran ay may kinalaman sa pangangailangan ng lumalaking populasyon para sa mas maraming lugar na mapamumuhayan, para sa mga tahanan, para sa pamamaraan ng pamumuhay na nalalaman nating mga nasa ika-20 dantaon at sa pamamaraan ng pamumuhay na nais natin. Sabihin nating ang mga kagubatan sa Brazil. Ang pagmamalabis sa kapaligiran doon, ang kagubatang pananggasa ulan. Ang lupa, na nakakalbo na at nagiging sanhi ng mga pagbaha. At ang mga ito ay

hindi walang kaugnayan sa problema ng sobrang populasyon.

G. Opo, lahat ng bagay ay may kaugnayan sa isa' t isa, mangyari pa, sa daigdig na ito. At ang tanging kalutasan ay ang lutasin ito mula sa pinakaugat, hindi da mga sanga. At ang ugat ay ang katatagang pangkaluluwa. Nauunawaan ba ninyo? (Palakpakan) Kaya nag dapat lamang nating gawin ay ang sikaping maipalaganap ang mensaheng pangkaluluwa, kung ano ang nalalaman natin, at manatili sa sisiplinang pangkaluluwa. Iyan ang wala sa mga tao. Oo, maipa-plug ninyo ang inyong sarili sa makinang de-koryente at magkaroon ng mga liwanag at mga musikang umuugong at magtamo ng samadhi. Subalit kung wala kayong disiplinang may kaugnayan sa mabuting kaasalan, kung minsan, magagamit lamang ninyo ang kapangyarihan sa masasamang bagay. Hindi ninyo ito mapipigilan. Nauunawaan ba ninyo? Iyan ang dahilan kung bakit kami sa grupong ito, pinananatili naming... itinuturo muna namin sa mga tao ang mga panuntunan. Mahalaga ang mga panuntunan. Kailangang malaman natin kung saan tayo pupunta at maneobrahin ang ating kapangyarihan. Ang kapangyarihang walang pagmamahal, walang pagkahabag, walang tamang pagkaunawa sa kahalagahan ng mabuting asal, ay walang kabuluhan. Ito ay magiging itim na kapangyarihan, pagmamalabis. Oo. Diyan nagmumula ang itim na kapangyarihan. Nauunawaan ninyo? Kaya madaling magtamo ng kaliwanagan, mahirap panatilihin ito. Sa ating daan, kung hindi kayo tunay na disiplinado at nakakasangkapan ng mabuting asal, aalisin ng guro ang ilan sa inyong kapangyarihan upang hindi ninyo ito magamit sa pagmamalabis at makagawa ng masasamang bagay sa lipunan. Nauunawaan ninyo? Iyan ang kaibahan. Ang guro ay may kapangyarihan pamahalaan iyan. Ang kapangyarihan ng guro, ang kapangyarihan ng guro, tama na ba? Oo, napakasaya ko sa

lahat ng matatalino ninyong katanungan, napakatalino. Ginagawa lamang ng tao ang mga bagay na ito sapagkat hindi sapat ang kanilang talino, alam ninyo, gaya ng pagmamalabis sa lupa tulad ng sinabi ninyo, o paggawa ng mga bagay dahil lamang sa kakapusan nila ng kaalaman. Oo, kaya ang ugat ay kaalaman, pagsasanay na pangkaluluwa. Maliwanangan. Opo, ginoo.

T. Nabasa ko na po ang dalawa sa inyong mga aklat at napakinggan ko na po ang ilan sa inyong mga tape.

G. nabasa na ninyo at napakinggan! Kahanga-hanga! Kung gayon, magkakilala na pala tayo.

T. Nakapagtataka po para sa akin ang kuru-kuro tungkol sa asuras.

G. A.S.U.R.A.S. Ano iyon? Asura! Asura! Ah, astral! Ah, asuras! Opo, opo, opo. Ito ang salitang Sanskrit para sa astral entities, astral entities. Tama, ngayon. Hindi ko po alam na nagsasalita kayo ng Sanskrit. Tama nga!

T. Kaya ang tanong ko po ay alam ko po na nagsisikap akong magawa ang tamang bagay upang magawa ko ang aking mga pagsasanay at alam ko po na ako ay nagsisikap na labanan ang isang bagay na nagsisikap lumaban sa akin. Ang ang tanong ko po ay paano ko po malalampasan ang pakikipaglaban? Paano po ako magwawagi?

G. Diyan naririyan ang biro. Kung ang isang bagay ay napakadali, alam ninyo na mawawalan kayo ng hamon at hindi na ninyo gugustuhin pang mapagwagian ito. Opo. Samakatwid, mayroon

tayong dalawang kapangyarihan sa ating sarili. Tinatawag natin itong "yin at yang" sa mga kayawagang Silanganin, at sa Chinese. Uh. Tinatawag nating negatibo at positibo sa katawagang kanluranin. Ang negatibong kapangyarihan ay nagtutulak lamang sa atin sa paggawa ng bagay na labag sa ating kagustuhan, at ang positibong kapangyarihan ay tumutulong sa atin upang masupil natin ang gayong gawi. Kung minsan, tayo ay natatalo at kung minsan, tayo ay nagwawagi, depende sa ating pangkaluluwang disiplina at kapangyarihan. Kaya, sikapin ninyong makibaka at magpatuloy. Gaya ng pakikibaka ng Magkakaanib na Bansa sa mga paksang may kinalaman sa mga takas sa mga digmaan sa daigdig. Kung minsan, magwawagi kayo sa katapusan, subalit kakailanganganin ninyo ang pakikibaka. Pinasasalamatan ko po kayo sa inyong pakikinig. Hangad ko po ang pinakamabuti para sa inyong lahat.